ANG PAMILYA AT PAG-AASAWA

Course #14

Leader's Guide

Mahal na Bible Study Lider,

Nagpapasalamat ako sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa inyong lahat dahil sa inyong pananampalataya at katapatan na aakay sa iba na pumunta sa Salita ng Diyos at ang Salita ng Diyos ay makarating sa kanila. Kakaiba ang pag-aaral na ito kumpara sa mga nakaraan nating ginawa. Ito ay pag-aaral sa paksa at dinisenyo para sa mag-asawa o may planong mag-asawa. Maraming sinasabi ang Biblia tungkol sa pag-aasawa at pamilya. Ginagamit ng Diyos ang larawan ng pag-ibig ng Panginoong Jesu-Cristo sa Kanyang Iglesia upang ilarawan ang pag-ibig ng asawang lalaki sa kanyang asawang babae at gayon din naman sa asawang babae sa kanyang asawang lalaki. Dahil ang Diyos ang lumikha at nagpasimula ng pag-aasawa titingin tayo sa Diyos at sa Kanyang Salita upang malaman ang kanyang plano at mga prinsipyo sa pag-aasawa at pamilya.

Titingnan natin ang pitong sukat ng relasyon na ginawa ng Diyos para sa lalaki at babae na magiging isang laman. Isinama ko ang isang drawing, base sa inukit ng Afrikanong mag-asawa na isang regalo na nagpapakita ng pitong koneksiyon. Sa kabuuan ng pag-aaral na ito babalik-balikan natin ang larawan na ito upang tulungan tayong mas maintindihan ang pitong sukat na ito. Pag-aaralan natin ang **espirituwal** na pundasyon ng asawang lalaki at **espirituwal** na pundasyon ng asawang babae at ang gamit sa komunikasyon, na siyang nagpapanatili sa pagiging isa. Ating isaalang-alang ang **pagkakabagay**, na siyang ebidensiya ng pagiging isa; **pag-ibig**, na siyang dinamiko ng pagiging isa; **pang-unawa**, ang nagpapalago sa pagiging isa. Ipapakita din natin ang **sekswal na pagsasama** ng masayang mag-asawa na siyang maligayang kapahayagan ng pagiging isa. Sa pangkalahatang pag-aaral natin, bibigyan natin ng diin ang espirituwal na pundasyon ng pagiging isa na dinisenyo ng Diyos para sa mag-asawa. Maraming mga kultura ang nakakaranas ng epidemya ng paghihiwalay at diborsyo, kahit sa Kristiyanong mag-asawa. Wala nang ibang panahon na lalong kailangan ang pag-aaral na ito kundi ngayon.

Ito ay pag-aaral lang na tinatawag na survey sa napakahalagang paksa at magbibigay ng pundasyon mula sa Biblia nang mas malalim sa inyong talakayan sa inyong mga grupo. Tandaan ninyo, kapag ating pinag-aaralan ang mga talata sa Kasulatan na nauugnay sa relasyon ng pag-aasawa at pamilya tanungin ang iyong sarili at ang grupo nitong tatlong tanong:

- Ano ang sinasabi nito? (Pagmamasid)
- Ano ang ibig sabihin nito? (Pagbibigay kahulugan)
- Ano ang ibig sabihin nito sa akin? O, anong gagawin mo sa mga natutunan mo? (Paggamit)

Kahit hindi ko kayo kilala sa personal, nais kong malaman mo na ako ay nanalangin para sa iyo habang pinag-aaralan mo at inaakay mo ang iba sa pag-aaral na ito. Ang pag-aasawa at pamilya ay ang pinaka-mahalagang samahan sa mundo na ginawang plano ng Diyos—ang sambahayan. Mahal ng Diyos ang pamilya at kaya nga ito ay nasa ilalim ng pag-atake. Nais ni Satanas na sirain at baliin ang samahan ng mga mag-asawa at mga pamilya. Dalangin ko na maranasan mo ang higit pa sa karaniwang biyaya ng Diyos sa iyong buhay may-asawa at pamilya habang iyong pinangungunahan ang pag-aaral na ito.

Dick Woodward
Pastor and author of the Mini-Bible College

PAMUMUNO SA GRUPO NG PAG-AARAL SA BIBLIA

Inihanda ng Mini Bible College ang debosyonal at praktikong pagmamasid sa pangunahing aklat ng Biblia. Ang iyong papel bilang guro ay akayin ang grupo sa mga sesyon ng pag-aaral at pagsasanay, upang tulungan silang maunawaan ang mga konsepto, madiskubre ang mga walang hanggang prinsipyo at pinaka-mahalaga sa lahat, maipamuhay nila ito. Ang pag-aaral na ito ay aabot ng apat na buwan at dinisenyo ito na hindi lamang isang kurso. Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng stratehiyang plano upang mabigyan ka ng mga kagamitan upang palusugin at palaguin ang iyong iglesia sa espirituwal at sa bilang.

Upang matulungan ka binigyan ka namin ng mga magagamit mo:

- Ang Leader's Guide
- Ang Target Media Approach (TMA) manual
- Report Forms
- Audio of Genesis and Exodus
- A study booklet on Genesis and Exodus
- A Set of 10 workbooks

Ang Leader's Guide ay dinisenyo upang bigyan ka ng kakayahan na gawin ang trabaho.

PAGPAPANIMULA

Bago ang Klase

- "'Pumunta kayo sa mga lansangang matao at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Pumunta nga sa mga pangunahing lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mabubuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.'" (Mateo 22:9-10). Simulan ngayon na mag-imbita ng mga tao sa piging espirituwal.
- Ihanda ang sarili sa panalangin para sa mga darating na tao. Kung posible, ipanalangin sila sa kanilang pangalan. Ang Diyos lamang ang makapagbabago ng kanilang puso at ang panalangin ay makapangyarihang gamit para dito. "Isinalaysay ni Jesus ang isang talinhaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).
- Humingi ng tulong. Huwag mong sikaping gawin ang lahat. Hingin ang tulong ng isa o dalawa para sa musika, awit, pagbati, at taga-pagtala para sa klase.
- Suriin ang aralin at unawain ang layunin ng aralin.
- Alaming mabuti ang bawat aralin; pakinggan, basahin at pag-aralan ang bawat aralin at isaulo ang talata sa Biblia bago magsimula ang klase.
- Siguruhin ang mga aralin ay laging handa para sa klase.
- Siguruhing ang lugar na pagdarausan ay sapat sa bilang ng mga tao at komportable para sa grupo.

Habang sa Klase

- Batiin ang bawat dumarating. (Tandaan na mabuti ang laging masaya kang tinatanggap? Palawigin ang pagtanggap ng Diyos sa lahat.) Mahalaga na magkaroon ng isang taga-

pagbati.

- Ipakilala ang bawa't isa kung hindi pa magkakakilala.
- Magsimula sa pagsamba at panalangin, hingin sa Diyos na tulungan ka at ang bawat isa na maunawaan at isapamuhay ang aralin.
- Makinig sa audio lesson.
- Gamitin ang workbook, mag-anyaya ng talakayan na may kaugnayan sa pamumuhay. Naniniwala kami na ang mga katanungan ay maglalagay ng masiglang talakayan at unawa na magdudulot nang tamang pamumuhay. Kung masyadong malaki ang grupo hatiin sa maliliit na grupo. Tig-tatlo o tig-lima sa bawat grupo upang makahikayat ng talakayan. Siguruhing nababantayan mo ang oras at ingatan na ang pag-uusap ay hindi lumalayo sa aralin at pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pasalamatan ang lahat sa kanilang pagdating at hikayating maging tapat sa pagdalo.
- Himukin ang bawat estudyante na mag-imbita ng iba na sumali sa pag-aaral ng Biblia.
- Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga talata sa mga aralin sa bawat linggo.

Pagakatapos ng Klase

- Lipulin ang mga araling materyales.
- Ibalik ang silid sa dating kaayusan. Mas maayos pa kaysa bago pa kayo nagsimula.
- Itala sa talaan ang report.
- Kung nagpulong kayo sa ibang bahay, siguruhing mapasalamatan ang may bahay sa kanilang pag-tanggap sa inyo.

Espesyal na tagubilin sa Pagtuturo sa mga Natututo sa Pandinig lamang

Napakahalaga na alalahanin na ang mga hindi makabasa at makapagsulat ay natututo at napapanatili nila ang mga impormasyon kakaiba sa mga marurunong. Ang mga nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita ng kanilang narinig. Ang di-marunong magbasa at magsulat ay hindi hadlang sa panahon ni Jesus. Makakatulong na alalahanin at sabihin sa klase halos ng mga disipulos at karamihan ng mga taong nagpapalaganap ng Ebanghelyo ay di-marunong magbasa at magsulat.

Sa maraming kapamaraanan, ang mga nag-aaral na gumagamit ng pandinig ay may kakayahan na matuto sa kanilang narinig higit doon sa mga nagsusulat upang maalala ang pinag-aralan. Kaya nga dapat hayaan ang mga estudyante na marinig ang Banal na Kasulatan at ang aralin, itigil ang mensahe at balikan ang bahagi na hindi pa naintindihan, at pagkatapos hayaan silang tumugon sa mga katanungan. Kapag ang mga nag-aaral na gumagamit lang ng kanilang pandinig ay "kayang balikan ang kuwento" – gamit ang sariling salita upang sabihin ang kanilang narinig at natutunan – ay nagsasabi na kanilang nakuha ng mabuti ang prinsipyo. Samakatuwid, gamitin ang mga katanungan sa aralin upang gabayan sila sa mas-malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at tumibay ang relasyon sa Kanyang Anak, Jesus na siyang Cristo.



Pag-aasawa at Pamilya

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: FAM01

Layunin: Upang ipakita ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pag-aasawa at pamilya.

Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito."

—Genesis 1:27-28

Matapos gawin ang lahat ng ito, sinabi ng Panginoong Yahweh, "Hindi mabuti na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng isang angkop na makakasama at makakatulong."

—Genesis 2:18

Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan.

—Mga Awit 127:1

Sa paglikha ng Diyos sa lahat tiningnan niya ang Kanyang nilikha at sinabi Niya, "Ito ay mabuti." Ngunit noong makita niya ang tao na Kanyang nilikha ay nag-iisa, sinabi Niya, "Hindi ito mabuti." Ang lalaking ito ay hindi kumpleto kung wala siyang kasama. Kaya nga lumikha ang Diyos ng isang babae, pinagsama ang lalaki at babae bilang isa, at sinabihan sila na punuin ang mundo ng kanilang mga anak.

Binigyan tayo ng Biblia ng disenyo ng Diyos at layunin Niya sa mag-asawa at pamilya. Sinasabi sa atin paano magkaroon ng buhay may asawa sa paningin ng Diyos, na ginawa, pinagsama, at iniingatan ng Diyos. Sinasabi din sa atin paano magpalaki ng mga anak at magkaroon ng matatag na pamilya.

Maraming pakinabang sa pag-aaral sa sinasabi ng Biblia tungkol pag-aasawa at pamilya. Kasunod sa kaligtasan, isang masayang buhay may-asawa at tahanan ang pinaka magandang bagay sa mundo. Nugnit ano ang pakahulugan ng Diyos sa mag-asawa? Bakit niya ito itinatag? Bakit ginawa tayo bilang lalaki at babae? Ang sagot ay nais ng Diyos punuin ng tao ang mundo na magmamahal sa Kanya at ang kaharian Niya.

1. **Tama** o Mali? Ang pag-aasawa at pamilya ay batas ng buhay na gumaganap sa mga layunin ng Diyos sa mundo.

2. **Tama** o Mali? Ang mga babae ay may tungkulin upang buuin ang mga lalaki, ang mga lalaki ay may tungkulin upang buuin ang mga babae.

3. **Tama** o Mali? Ang intensyon ng Diyos para sa asawang lalaki at babae ay magministeryo sa bawat isa bilang dalawang tao na buo.

4. Tama o **Mali**? Ang mga babae ay hindi pareho ang halaga tulad ng mga lalaki.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Sino ang nakaisip na magkaroon ng pag-aasawa?
   - **a. Diyos**
   - b. Adan
   - c. Sinaunang kultura
   - d. Bagong lipunan

6. Paano inilalarawan ng Biblia ang relasyon ng asawang lalaki at babae?
   - a. Magiging isang tao sila na walang pagkakaiba.
   - b. Mananatili silang magkahiwalay na tao.
   - **c. Magiging "isang laman" sila o dalawang magkaiba na pinagsama bilang isa.**

7. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa tungkulin ng mga miyembro sa pamilya?
    a. Sinasabi sa kanila na ituon ang pansin sa ugali at gawain ng bawat isa.
    b. Sinasabi sa kanila na ituon ang pansin sa sariling ugali at gawain.
    c. Walang naman talagang halaga dahil ang pamilya ay hindi prayoridad.

> *Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan; maliban nga na si Yahweh ang sa lunsod ay gumabay, ang pagmamasid ng bantay ay wala ring saysay. Hindi dapat pakahirap, magpagal sa hanapbuhay; maaga pa kung bumangon, gabing-gabi kung humimlay, pagkat pinagpapahinga ni Yahweh ang kanyang mahal. Kaloob nga ni Yahweh itong ating mga anak, ang ganitong mga supling, pagpapalang mayro'ng galak. Ang lalaking mga anak sa panahong kabataan, ang katulad ay palaso sa kamay ng isang kawal. Mapalad ang isang taong mapalasong tulad niyan, hindi siya malulupig, at malayo sa kahihiyan, kung sila man ng kalaban ay magtagpo sa hukuman.*
>
> —Mga Awit 127:1-5

8. Ano ang pangunahing yunit kung saan kumikilos ang Diyos?
    a. Mga indibiduwal na tao na gumagawa na mag-isa
    b. Ang pamilya
    c. Ang iglesia
    d. Ang gobyerno

9. Sino sa mag-asawa ang higit na mataas?
    a. Ang lalaki
    b. Ang babae
    c. Wala isa man—pantay lang sila.

10. Ayon kay Solomon sa Mga Awit 127, sino ang pinaka mahalagang tao sa pamilya—o sa anumang gawain?
    a. Ang taong nangunguna
    b. Ang pinaka masikap magtrabaho
    c. Mga anak
    d. Ang Panginoon

11. Paano inilarawan ni Solomon ang pagiging magulang?
    a. Ang pagpapalaki ng mga anak ay parang paggamit ng palaso sa pana.
    b. Ang pagiging magulang ay parang bantay na nakatayo.
    c. Kasama sa pagiging magulang ang maraming gabi na walang tulog.
    d. Ang mga anak ay parang mga mandirigma na laging nag-aaway.

12. Ano ang orihinal na layunin ng Diyos sa mga-asawa?
    a. Na maging madaling relasyon hindi kasama ang pagsisikap
    b. Na pansamantalang relasyon lang
    c. Na ito ay permanenteng relasyon
    d. Na para sa dalawang tao, hindi na mahalaga ang kasarian

13. Paano natin hahayaan ang Diyos na itayo ang ating buhay may asawa at pamilya?
    a. Sa pag-aalala tungkol dito
    b. Sa pag-amin na di natin kayang gawin ito sa ating sarili at magtiwala sa Diyos
    c. Sa pagtupad ng ating sariling plano
    d. Sa palaging magtrabaho at hindi natutulog

14. Ano ang pakahulugan ng Diyos sa pag-aasawa?
    a. Sino mang dalawang tao na nag-iibigan.
    b. Sino mang dalawang tao na may mga anak.
    c. Isang lalaki at babae na pinagsama ng Diyos.
    d. Isang lalaki at babae na nagpakasal sa iglesia.

Ano ang nais ng Diyos sa pag-aasawa at pamilya? Ano ang mga nais mo sa pag-aasawa at pamilya? Ano sa palagay mo ang nais Niya mula sa iyong buhay pamilya upang lumaganap ang Kanyang layunin sa mundo?

_____

_____

_____

Isa sa pinaka malaking problema sa Kristiyanong mag-asawa ngayon ay ang ayaw tanggapin ng asawang lalaki ang responsibilidad na iniatang sa kanya ng Diyos bilang ulo ng tahanan at espirituwal na lider—ang saserdote ng kanilang tahanan. Mga asawang lalaki, kamusta na ang iyong pangunguna at pagmamahal sa iyong asawa tulad ng pagmamahal ni Jesus? Ano ang magagawa mo ngayon at sa linggong ito upang ikaw ay maging asawang lalaki na nais ng Diyos?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa ipinagkaloob Niyang napakagandang samahan ng pag-aasawa at pamilya. Hingin sa Kanya na ihanda ang iyong puso sa pag-aaral na ito at turuan ka tungkol sa Kanyang mga layunin at mga plano para sa iyong buhay at mga relasyon. Manalangin na palakasin ang iyong pananampalataya at relasyon sa pamilya para sa Kanyang kaluwalhatian.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sino ang nakaisip sa pagtatatag ng pag-aasawa?

2. Ano ang "batas ng pag-aasawa at pamilya?"

3. Bakit ang batas ay inaatake ngayon?

4. Ano ang tatlong antas ng pyramid ng pag-aasawa at pamilya, at bakit mahalaga ang bawat isa?

5. Ano ang pangunahing yunit kung saan kumikilos ang Diyos sa mundo sa pamamagitan nito?

6. Bakit mahalaga na ilagay ang Diyos sa buhay nang mag-asawa?

7. Ano ang basehan ng ating desisyon na mag-asawa?

Ang Batas ng Pag-aasawa at Pamilya

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: FAM02

Layunin: Upang maunawaan ang layunin ng pagkakaloob ng Diyos sa pag-aasawa.

Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito."

—Mateo 19:4-6

Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan.

—Mga Awit 127:4

Ang disenyo ng Diyos sa pamilya at pag-aasawa ay nagbibigay sa ating relasyon ng maganda at makahulugang layunin na gaganap ng Kanyang plano dito sa mundo. Makikita sa Kasulatan na mayroong niloob ang Diyos na dimensyon ng pag-aasawa. Pinagsasama ng Diyos ang isang lalaki at babae upang "maging isa." Ang gabay ng Diyos ang dapat maging basehan ng pagdidisisyon sa pag-aasawa. Makikita din natin na ang pag-aasawa ay pirmihang relasyon. Ang pirmihan relasyon ay mahalaga sa maraming mga dahilan, ngunit pangunahing mahalaga ito para sa mga anak. Ang disenyo ng Diyos para sa mag-asawa ay lumilikha ng tahanan kung saan ang mga anak ay natuturuan at nabibigyan ng seguridad na kailangan nila bago sila humarap sa mundo at harapin ang buhay. Ang pag-aasawa ay isang relasyon na pinaka pribado para sa mag-asawa lang. Ang pangunahing relasyon ng mag-asawa ay hindi na sa kanilang mga magulang kundi sa kanilang dalawa na at ang napakalapit na ugnayan ay para sa kanilang dalawa lang. Ang pag-aasawa ay kontrata ng isang lalaki at babae na nagtatali sa kanilang dalawa. Ngunit ang pag-aasawa ay napapaloob rin kung saan napapaloob rito ang bawat bahagi ng asawang lalaki at asawang babae: ang kanilang espiritu, kaisipan, puso, at mga katawan. Ang dalawa ay nagiging isa.



Upang mabuhay na iisa, ang mag-asawa ay kailangang hanapin ang pagkakaisa nila sa espirituwal na relasyon nila sa Diyos. Dito matutulungan sila ng Diyos habang sila ay nagsisikap sa paraan ng kanilang komunikasyon, kanilang pag-papahalaga, kanilang di-makasariling pagmamahalan, ang unawaan sa isat-isa, at ang kanilang pisikal na relasyon. Kapag sila ay nabubuhay sa ganitong pagkakaisa, ipinamamalas nila ang layunin ng Diyos at plano ng Diyos sa mag-asawa. Ang lalaki at babae at ang buong pagkatao nila ay dapat maging isa upang sila ay maging karapat-dapat na mga magulang.

1. **Tama** o Mali? Pinagsasama ng Diyos ang asawang lalaki at asawang babae at ginagawa silang isa.

2. Tama o **Mali**? Kapag nag-iisip tayong mag-asawa, huhulaan at aasahan lang natin na ito ay magiging mabuti. Hindi tayo gagabayan ng Diyos sa ating desisyon tungkol sa ating mga relasyon.

3. **Tama** o Mali? Ang pagtatayo ng malusog na Kristiyanong pag-aasawa ay nangangailangan ng dalawang tao na buo ang emosyonal at espirituwal, malusog ang pagkatao na may katapatan sa relasyon.

4. Tama o **Mali**? Karaniwan sa salungatan ng mag-asawa, mas mabuti na ayusin muna ang isang kapartner, kaysa ayusin ang sarili.

5. Tama o **Mali**? Ayon sa Biblia, ang layunin ng pag-aasawa ay pansamantalang samahan lang.

6. **Tama** o Mali? Dinisenyo ng Diyos ang pag-aasawa na isang eksklusibong relasyon.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Alin sa mga sumusunod ang apat na problema sa relasyon ng mag-asawa?
   a. **Ang asawang lalaki at ang kanyang mga problema**
   b. **Ang asawang babae at ang kanyang mga problema**
   c. Ang mga magulang ng asawang lalaki at asawang babae

d. Ang pinagsamang mga problema ng mag-asawa
e. Ang di-makatotohanang uliran ng mag-asawa na magsasama sa buong buhay nila.
f. Ang mga anak at ang kanilang mga problema
g. Ang mga kaibigan ng mag-asawa.

8. Bakit mabuti na makita ng mga anak na ang kanilang mga magulang ay malapit sa isat-isa? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Nararamdaman nila ang seguridad sa kanilang buhay.
   b. Nabibigyan sila ng positibong pananaw tungkol sa pag-aasawa.
   c. Naipapakita sa kanila ang uri ng pagmamahal na kailangan nila kapag sila ay nagkaroon na nang asawa balang araw.
   d. Hindi ito mabuti. Hindi tayo dapat magpakita na nagmamahalan tayo sa publiko.

9. Sa paanong paraan nagiging makabuluhan ang pag-aasawa at ang napapaloob dito?
   a. Kasangkot dito ang maraming kapartner.
   b. Ito ay panghabang buhay na pangako ng bawat isang miyembro ng pamilya ng mag-asawa.
   c. Ito ay espirituwal, mental, emosyonal, at pisikal na pag-sasama ng mag-asawa.
   d. Hindi ito napapaloob kailan man; ito ay base sa maraming regulasyon at limitasyon.

10. Alin sa mga sumusunod na mga salita ang naglalarawan sa pag-aasawa na dinisenyo ng Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Niloob ng Diyos
    b. Aksidente lang
    c. Permanente
    d. Eksklusibo
    e. Napapaloob
    f. Pansamantala
    g. Hindi mahalaga

11. Ilista ang pitong dugtong o nagtatali sa mag-asawa.
    1. _____ **(espirituwal na pundasyon ng asawang lalaki)**
    2. _____ **(komunikasyon)**
    3. _____ **(pagkakatugma)**
    4. _____ **(pag-ibig)**
    5. _____ **(pang-unawa)**
    6. _____ **(seks)**
    7. _____ **(espirituwal na pundasyon ng asawang babae)**

12. Ano ang pinaka mahalagang relasyon natin sa buhay?
    a. Ang relasyon natin sa ating asawa
    b. Ang relasyon natin sa ating mga anak
    c. Ang relasyon natin sa ating mga magulang
    d. Ang relasyon natin sa ibang mga Kristiyano
    e. Ang relasyon natin natin sa Diyos

13. Ano ang nagagawa ng epektibong komunikasyon sa mag-asawa?
    a. **Ito ay gamit na nakakatulong sa atin upang mapanatili natin ang ating pagiging isa.**
    b. Ito ay susi upang sabihin sa bawat isa kung ano ang gagawin.
    c. Ito lang ang paraan upang tukuyin ano ang mali sa bawat isa.
    d. Ito ang praktikal na kailangan sa pagpapalaki ng mga anak.

14. Alin ang pinaka mahalagang aspeto ng pagkakatugma sa mag-asawa?
    a. Pisikal na pang-akit sa bawat isa
    b. **Pagkakaroon ng parehong pagpapahalaga**
    c. Pagkakasundo sa lahat ng bagay at hindi nakikipagtalo
    d. Pag-iwas na makipag-usap sa bawat isa

15. Alin ang pinaka mahalagang aspeto ng pagmamahalan ng mag-asawa?
    a. **Di-makasarili**
    b. Pisikal na pang-akit
    c. Malakas na damdamin
    d. Seks

Ginamit ni haring Solomon ang larawan sa mag-asawa ang pana at pisi at ang mga anak bilang mga palaso. Nakikita mo ba sa mga mag-asawa sa paligid kung paano tinatangkang putulin ni Satanas ang pisi sa pana o baliin ng sobra ang pana upang huwag mai-shoot ang mga "palaso?" Kung wala kang papalitan kahit ano, saan direksyon papunta ang iyong mga anak? Paano dinisenyo ng Diyos ang iyong pag-aasawa upang tulungan kang humingi ng tulong sa Diyos na manatiling matibay ang iyong "pana" at hindi mapuputol ang "pisi."

_____

_____

_____

Mula sa iyong karanasan sa pag-aasawa—maaaring ang iyong sarili o ng iyong mga magulang at mga kaibigan—anong ugali ang higit na makapaghahanda sa isang tao na magkaroon ng makahulugang relasyon sa pag-aasawa? Paano ang pag-aasawang dinisenyo ng Diyos mapunan ang pangangailangan natin sa isang malalim, matalik na relasyon?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa layunin Niya na ang mga lalaki at babae at ang relasyon ng mag-asawa. Kung ikaw ay may asawa, hingin sa Diyos na palakasin ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng Diyos. Kung wala pa, hingin na gabayan ka sa tamang relasyon sa tamang panahon. Saan ka man sa oras na ito, magtiwala sa Diyos na maganap ang kanyang layunin sa buhay mo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang apat na problema sa mag-asawa?

2. Bakit ang pag-aasawa ay pirmihang pagtatali?

3. Ano ang kahulugan ng “pagsasalin ng batas ng Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos?”

4. Sa anong dalawa nagiging makahulugan ang pag-aasawa bilang “eksklusibo?”

5. Ano ang pundasyon ng pagiging isa sa pag-aasawa?

6. Ano ang kahulugan ng komunikasyon?

7. Ano ang dalawang dimensyon ng komunikasyon?

Ang Pitong Bigkis ng Pag-aasawa

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: FAM03

Layunin: Upang maunawaan ang halaga ng komunikasyon sa pagpapanatili ng pagiging isa nang mag-asawa.

"Gawin ninyo sa inyong kapwa ang nais ninyong gawin nila sa inyo. Ito ang buod ng Kautusan at ng mga isinulat ng mga propeta."

—Mateo 7:12

Huwag kayong gumamit ng masasamang salita; lagi ninyong sikapin na ang pangungusap ninyo'y makakabuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng mga makakarinig.

—Mga Taga Efeso 4:29

Iniisip ng matalino ang kanyang sasabihin, kaya naman ang kausap ay madali niyang akitin. Kaaya-ayang salita ay parang pulot-pukyutan, matamis sa panlasa, pampalusog ng katawan.

—Mga Kawikaan 16:23-24

Ang mabuting komunikasyon ay makakatulong sa mag-asawa sa pagiging isang laman dahil ito ay gamit upang para mapagsikapan nilang gawin ang pagiging isa. Sa gayun ding paraan, habang pinapanatili natin at pinayayaman ang ating relasyon kay Cristo sa pamamagitan ng komunikasyon sa Kanya sa panalangin at pakikinig sa kanyang boses, ang mag-asawa ay kailangang panatiliin at pagyamanin ang relasyon nila sa bawat isa. Lagi tayong nakikipag-komunikasyon; ang isyu ay ano at paano tayo makipag-komunikasyon. Ang tamang uri ng komunikasyon ay parang pagsindi ng ilaw sa ating relasyon, inilalantad ang mga bagay na makakasira sa pagiging isa at ipinapakita ang mga bagay na makakatulong sa pagiging malapit sa isat-isa.

Ang mabuting komunikasyon ay mayroong dalawang bahagi: pagpapadala at pagtanggap ng impormasyon. Kung paano natanggap ang komunikasyon ay kasing halaga din kung paano ang komunikasyon ay pinadadala. Ang komunikasyon ay hindi lamang kung ano ang sinabi; kasama rin dito kung ano ang narinig, natanggap, at naramdaman. Ito ang kabuuan ng naipadalang impresyon ng mensaheng ipinadala. Kapag nakilala natin ang halaga ng mabuting komunikasyon at natutunan ang mga ugali at gawi na humahadlang dito, mapagbubuti natin ang ating relasyon bilang mag-asawa. Ang mabuting komunikasyon ay siyang magagamit upang tulungan tayo na mapanatili at mapatibay ang pagiging isa.

1. **Tama** o Mali? Di tulad ng magulang sa anak na relasyon, ang relasyon ng mag-asawa ay dapat lumago sa pagiging malapit sa isat-isa sa buong buhay nila.

2. Tama o **Mali**? Mayroon lamang isang dimensyon sa komunikasyon. Kung ipapahayag natin ang ating sarili, tayo ay nakipag-komunikasyon na ng mabuti.

3. Tama o **Mali**? Ang pagiging tahimik ng mag-asawa ay laging nangangahulugang may problema sila sa komunikasyon.

4. **Tama** o Mali? Walang bagay na masasabing “walang komunikasyon.” Lagi tayong nakikipag-komunikasyon, kahit na hindi tayo nagsasalita.

5. Tama o **Mali**? Mayroon lamang isang antas ng komunikasyon.

6. **Tama** o Mali? Sa isang pamilya, mayroong maraming tipo ng komunikasyon mula sa mga miyembro nito.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Aling aspeto ng komunikasyon ang malakas ang epekto?
    a. Ang mga salitang ating sinasabi.
    b. Ang iniisip ng iba sa sinabi natin.
    c. Ang mga galaw na ginamit natin sa pagsasalita.
    d. Ang pabago-bagong tono at pagdidiin na ginamit natin sa mga salita.

8. Alin sa mga sumusunod ang kailangan upang ang ating komunikasyon ay maayos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Oras
    b. Enerhiya
    c. Tapang
    d. Malakas na boses

9. Alin sa mga sumusunod na ugali at gawi ang hahadlang sa epektibong komunikasyon? *(piliin lahat ng akma)*

mahilig makipagtalo	pagpapakita ng interes
pagiging abalang-abala	pagtatanong
hindi nakikinig	**mapagsuspetsa**

nakikinig ng mabuti	mapagbigay
masyadong matigas ang palagay	galit
pagkamababa	**pagka-makasarili**
pagiging abala	pagsasa alang-alang
pagkagambala	**mabunganga**
mapagpasensiya	**masyadong pagod**
pagkalumbay	**walang seguridad**
pagalipusta	kahinahunan

10. Anong uri ng hadlang ang maaari nating maranasan sa komunikasyon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Emosyonal
    b. Praktikal
    c. Pisikal
    d. Sikolohikal
    e. Lahat ng nasa itaas

11. Paano tayo tutugon kung ang napangasawa natin ay mahirap pakitunguhan?
    a. Ipakita na mahirap din tayong pakitunguhan.
    b. Magdiborsyo at maghanap ng ibang mapapangasawa.
    c. Panatiliin ang bunga ng banal na Espiritu at mapagpatawad.
    d. Magtiis sa kahirapan, kahit na walang maibibigay ang Diyos na tunay na solusyon.

12. Sa anong relasyon sa pamilya mahalaga ang epektibong komunikasyon?
    a. Mag-asawa
    b. Mag-ina
    c. Mag-tatay
    d. Magkapatid

13. Ano ang epekto sa mga miyembro ng pamilya kapag ang komunikasyon ng mag-asawa ay nasira?
    a. Walang makakapansin nito dahil maliit lamang ang epekto nito.
    b. Ang ibang komunikasyong gawi sa mga miyembro ng pamilya ay magkakaroon ng negatibong epekto.
    c. Ang ibang komunikasyon sa mga miyembro ng pamilya ay gaganda upang mabawi ang naidulot na problema ng mag-asawa.
    d. Ang bawat isa ay titigil sa pakikipagusap sa bawat isa.

14. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing pakinabang sa mabuting komunikasyon ng mag-asawa?
    a. Naipapaalam sa asawa ang nangyayari sa bawat araw.
    b. Napapanatiling maayos ang takbo sa tahanan.
    c. Naipapaalam sa asawa ang inaasahan mong gagawin nila.
    d. Ito ang gamit upang mapaunlad ang bawat bahagi sa buhay ng mag-asawa.

Anong antas ang iyong komunikasyon? Paano ka magiging “other-centered” upang mapaunlad mo ang iyong komunikasyon? Ano ang isang bagay na humahadlang upang umunlad ang iyong komunikasyon?

_____

_____

_____

Mayroon ka bang napansin sa paguugali o gawi sa iyong komunikasyon na kailangang mapalitan o mapaunlad? Kung meron, ano ito? Ano ang magagawa mo upang mabago o mapaunlad ang mga ito?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa kagustuhan niyang maging matibay ang buhay mag-asawa sa Kanyang mga tao at nagbibigay ang Diyos ng mga kagamitan upang maging matatag ang samahan ng mag-asawa. Kung ikaw ay may asawa, hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng iyong komunikasyon na kailangang mapaunlad at tulungan kang mapalakas ang iyong komunikasyon sa iyong asawa.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang mga pangkaraniwang problema sa komunikasyon ng mag-asawa?

2. Mayroon bang nasa itaas na nangyayari sa iyong buhay may-asawa?

3. Ano ang tatlong bagay na nagpapakita sa iyong pagpapahalaga at prayoridad sa komunikasyon?

4. Ano ang mga pangkaraniwang sumisira sa komunikasyon?

5. Ano ang talata sa Kasulatan at bunga ng espiritu ang ipinapayo upang mabuhay kasama ang napakahirap pakisamahan na tao?

6. Ano ang iilan sa mga mahahalagang komunikasyon sa pamilya? Bakit sila mahalaga?

7. Bakit ang pagsasama nang asawang lalaki at asawang babae ang pinaka mahalaga?

Ang Pagkakabagay—Ang Ebidensiya Ng Pagiging Isa

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: FAM04

Layunin: Upang maunawaan ang halaga ng pagkakabagay ng mag-asawa.

Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng inyong paggalang kay Cristo. Mga babae, pasakop kayo sa sari-sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya.

—Mga Taga Efeso 5:21, 22, 25

Kayo namang mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa. At kung mayroon sa kanila na hindi pa naniniwala sa salita ng Diyos, mahihikayat din silang sumampalataya dahil sa inyong magandang asal. . . . Kayo namang mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhang mabuti ang inyong asawa, sapagkat sila'y mas mahina, at tulad ninyo'y may karapatan din sila sa buhay na walang hanggan na kaloob ng Diyos. Gawin ninyo ito, nang sa gayon ay walang magiging sagabal sa inyong mga panalangin.

—1 Pedro 3:1-2, 7

Ang pagkakabagay ay ebidensiya ng pagiging isa na dinisenyo ng Diyos para sa pag-asawa. Ang pagkakabagay ay mahalagang bahagi ng mabuting buhay sa mag-asawa. Ang orihinal na kahulugan ng pagkakabagay ay "dalawang tao na nag-desisyon na magdusa para sa isat-isa sa gitna ng kahirapan sa buhay." Bagamat ngayon ang konsepto ng pagkakabagay ay napapalooban ng hindi lamang pisikal na relasyon kundi kasama rin ang ating pagpapahalaga, espirituwal na paglago, mga isyu sa moralidad, paano natin ginagastos ang ating mga salapi at oras, ano ang gusto ng mag-asawa para sa kanilang mga anak, at bawat bahagi ng kanilang buhay magkasama. Ang inyong espirituwal na pagkakabagay ang siyang pundasyon na magsasabi sa tungkulin at responsibilidad ng bawat isa na dapat gampanan sa inyong relasyon.

Ang pagkakabagay ay isa sa mga dahilan na ang pinakamahalagang komunikasyon sa relasyon sa loob ng pamilya ay sa mag-asawa. Narinig ko na maraming debotong mag-asawa na sinasabi nila ang katotohanan na kapag sila ay matapat sa Diyos at sa bawat isa, kaya nilang harapin ano mang kahirapan sa buhay. Yan ang magandang pakahulugan sa pagkakabagay. Upang mapanatili ang pagkakabagay, kinakailangang tanggapin natin ang ating asawa kasama lahat ng kanyang kalakasan at kahinaan. Maraming mga tao ang nag-iisip na kayang baguhin ang kanilang asawa, ngunit kailan man hindi ito mangyayari. Imbis na magtuon ng pansin sa hindi pagkakabagay, kailangang magtuon ng pansin sa positibong aspeto ng pagkakabagay.

Nagbibigay ang Biblia ng ilang alituntunin kung paano magkaroon ng mabuting ugnayan ang mag-asawa. Naka base lahat ng mga ito sa uri ng pagmamahal ni Jesus sa atin bilang kanyang asawa babae. Kapag mayroon tayong uri ng *agape* love, ang pagkakabagay ay lumalago at ang mag-asawa ay lumalakas sa kanilang ugnayan.

1. **Tama** o Mali? Napakahalaga para sa mga magulang na makipag komunikasyon sa kanilang mga anak at turuan ang mga anak kung paano makipag komunikasyon sa kanila.

2. **Tama** o Mali? Napakahalaga para sa mga magulang na magbigay ng panahon sa kanilang mga anak.

3. **Tama** o Mali? Normal lang na bahagi ng buhay ang paghihirap.

4. Tama o **Mali**? Mabuti na maghirap na mag-isa at hindi ibinabahagi ang mga problema kanino man.

5. Tama o **Mali**? Sinasabi ng Salita ng Diyos na ang hindi pagkakabagay ay magandang dahilan para sa diborsiyo.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Ano ang karaniwang nangyayari kapag diniborsiyo ng mga tao ang kanilang asawa upang mag-asawa ng iba?
   a. Karaniwan nagiging mas masaya sila.
   b. Karaniwan sila ay bigo na matutuklasan na pareho ang kanilang ipinalit na relasyong na may dagdag at kulang sa isang relasyong na may dagdag at kulang din.
   c. Karaniwan natutuklasan nila na lahat ng problema nila ay nawawala.
   d. Mas lalo silang nagiging matapat sa pangalawang asawa kaysa sa nauna.

7. Alin sa mga sumusunod ang pinaka mabuting paraan upang mapaunlad ang iyong pagkakabagay sa isat-isa?
    a. Sikapin palitan ang mga gawi, mga ugali, at ang pagkatao ng iyong asawa.
    b. Magpanggap bilang isang tao na nais ng iyong asawa.
    c. Tanggapin ang iyong asawa kung sino siya.
    d. Laging gawin ano man ang nais ng iyong asawa.

8. Alin sa mga sumusunod na bahagi ng pagkakabagay kailangang bigyan ng tuon sa pag-aasawa?
    a. Ang negatibong bagay—lahat ng paraan na hindi magkabagay
    b. Ang positibong bagay—lahat ng paraan na tayo ay magkabagay
    c. Ang mga mababababaw na isyu na hindi nangangailangan ng malalim na diskusyon
    d. Ang lahat ng mag sinasabi ng ibang tao tungkol sa atin.

9. Alin sa mga sumusunod ang mahahalagang bahagi ng pagkakabagay sa pag-aasawa?
    a. Pisikal
    b. Espirituwal
    c. Pagpapahalaga
    d. Pagkatao
    e. Lahat ng nasa itaas

10. Anong aspeto ng relasyon ang apektado ng pagpapahalaga? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Pera
    b. Panahon
    c. Disiplina sa mga anak
    d. Nais at mga layunin para sa mga anak
    e. Nais at mga layunin para sa relasyon ng mag-asawa
    f. Tungkulin ng lalaki at babae

11. Sa anong relasyon ikinumpara ng Kasulatan ang relasyon ng mag-asawa?
    a. Ang relasyon ng mga tupa
    b. Ang relasyon ng dalawang anak
    c. Ang pagkakaiba ng gabi at araw
    d. Ang relasyon ni Cristo sa Iglesia

12. Paano inilalarawan ng Kasulatan ang tungkulin ng asawang lalaki?
    a. Bilang panginoon
    b. Bilang alipin
    c. Bilang pastol
    d. Bilang tupa

13. Ano ang kailangan natin upang magkaroon pag-ibig na nais ng Diyos para sa ating pag-aasawa?
    a. Di pangkaraniwang biyaya
    b. Kalooban sa sarili
    c. Natural na lakas
    d. Matibay na damdamin na hindi nag-aalinlangan

14. Paano dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang mga asawang babae at mga anak?
    a. Bilang mahigpit na amo
    b. Laging gawin ang nais nila
    c. Magkaroon lagi ng malaking suweldo
    d. Sa paraan na minahal ni Cristo ang iglesia

15. Paano dapat magpasakop ang mga asawang babae sa kanilang mga asawang lalaki?
    a. Laging sinusunod anuman ang kanyang sabihin
    b. Huwag sumalungat sa kanya
    c. Hayaan siyang manguna bilang pastol
    d. Laging sabihin sa kanya paano manguna

Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng inyong paggalang kay Cristo. Mga babae, pasakop kayo sa sari-sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasako ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesya, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Cristo ang iglesya, gayundin naman, ang mga babae ay dapat pasakop nang lubusan sa kanilang asawa. Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya upang ialay ito sa Diyos, matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang ang iglesya ay maiharap niya sa kanyang sarili bilang isang maluwalhating iglesya na walang anumang dungis ni kulubot man upang ito ay maging banal at walang kapintasan. Gayundin naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili.

—Mga Taga Efeso 5:21-28

Anong mga katangian at pag-uugali ang pinapahalagahan mo sa iyong asawa? Anong mga katangian at pag-uugali ang pinapahalagahan ng iyong asawa sa iyo? Sa paanong paraan mo mapapaunlad ang iyong pagkakabagay sa pagtutuon sa mga katangian na ito?

_____

_____

_____

Asawang lalalki, minamahal mo ba ang iyong asawa tulad ng pagmamahal ni Jesus sa kanyang Iglesia? Ano ang maaari mong gawin ngayon at sa linggong ito upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos sa iyong asawa?

_____

_____

_____

Asawang babae, nagpapakita ka ba ng tamang pagpapasakop sa iyong asawa tulad ng iglesia na nagpapasakop kay Cristo? Ano ang magagawa mo ngayon at sa linggong ito upang ipakita ang maka-Diyos na pag-papasakop?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa kakaibang paraang ginawa ang lalaki at babae at sa paraan na ginawa ang asawang lalaki at asawang babae upang sila’y maging isang buo sa isat-isa. Hingin na tulungan kang magtuon sa paraan na kayong dalawa ay magkabagay at palakasin ang pagkakaisa. Hingin sa Diyos na tulungan kang malaman mo at maranasan mo gaano ka Niya kamahal upang makayang mahalin ang iyong asawa ayon sa nararapat. Kung hindi ka pa nag-aasawa, hingin sa Kanya na tulungan kang maging karapat-dapat sa isang taong pinili niya para sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang kagandahan ng isang pamilya na nag-uusap sa hapag kainan?

2. Sapat ba na dahilan ang hindi magkabagay upang magdiborsyo? Bakit o bakit hindi?

3. Ano lang ang makabuluhang pagbabago para sa asawang lalaki o asawang babae?

4. Talakayin ang apat na bahagi ng pagkakabagay sa mag-asawa na tinalakay sa araling ito?

5. Anong gabay sa Kasulatan para sa kahulugan ng tungkulin? Ito ba ay ayon sa kultura o hindi?

6. Ano ang pinapagawa ng kasulatan sa mga lalaki sa pag-aasawa?

7. Ano ang pinapagawa ng kasulatan sa mga babae sa pag-aasawa?

Ang Pagkakabagay at Pag-ibig

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: FAM05

Layunin: Upang lalo pang siyasatin ang mga ebidensiya ng pagkakabagay sa mag-asawa at ipakilala ang kapangyarihan ng *agape* love.

Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya Gayundin naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. Kaya't kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng inyong sarili; mga babae, igalang naman ninyo ang inyong asawa.

—Mga Taga Efeso 5:25, 28, 33

Mandaraya ang pang-akit at kumukupas ang ganda, ngunit ang babaing gumagalang at sumusunod kay Yahweh ay pararangalan. Ibigay sa kanya ang lahat ng parangal, karapat-dapat siya sa papuri ng bayan.

—Mga Kawikaan 31:30-31

Kaya't ang tatlong ito'y nananatili: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.

—1 Mga Taga Corinto 13:13

Ang espirituwal na dimensyon ng relasyon ng mag-asawa ay siyang pundasyon ng pagiging isa na dinisenyo ng Diyos para sa atin; ang komunikasyon ay siyang gamit upang makatulong sa mag-asawa na bungkalin at panatiliin ang kanilang pagiging isa; ang pagkakabagay ay siyang ebidensiya ng kanilang pagiging isa; at ang pag-ibig ang siyang dinamika at kapahayagan ng pagiging isa na nais ng Diyos noong sinabi Niya, “ang dalawa ay magiging isang laman.” Ngunit ang malaking problema sa mag-asawa ay ang pagiging makasarili. Kapag natutunan natin na tratuhin ang ating asawa ng di-makasarili—na gawing sentro ang ating asawa at punuin ang kanyang pangangailangan—nagsisimula tayong magmahal tulad ni Jesus. At iyan ang kapahayagan ng pagkakaisa ng mag-asawa at pagiging isa na nais ng Diyos.

Habang tinitingnan natin ang isyu ng pagkakabagay sa mag-asawa, makikita natin na ang pag-ibig ang siyang pundasyon para sa tungkulin ng mga mag-asawa at pangunahing paraan na sila ay may ugnayan sa isat-isa. Sinasabi ng Salita ng Diyos na dapat makonsiderasyon ang asawang lalaki sa pakikisama niya sa kanyang asawang babae at bigyan siya ng respeto bilang kasamang tagapagmana ng kaloob ng buhay upang ang kanyang panalangin ay hindi mahadlangan. At sinasabi sa Kristiyanong asawang babae na makita ang halaga ng pagiging bahagi sa kabuuan ng kanyang asawang lalaki, maging tagapag-gawa ng lalaki. Isa sa pinakamabuting paglalarawan ng *agape* love ay ang 1 Mga Taga Corinto 13, hindi lang tayo tinutulungan na maunawaan ang maka-Diyos na pag-ibig kundi ipinapakita rin sa atin paano mag-mamahal sa iba. Kung nasa atin

na ang Banal na Espiritu, mayroong tayong kakayahan na mahalin ang ating asawa at ang ibang mga tao ng maka-Diyos na pag-ibig. Kung wala itong kakayahan na magmahal, ang pagiging isa ng mag-asawa ay hindi magaganap at hindi mararanasan; ngunit kung mayroon nito, ang pag-aasawa ay maaaring maging kahit anong isang bagay na nais ng Diyos.

1. Tama o **Mali**? Karaniwan ng mga problema sa pagkakabagay ng mag-asawa ay may kaugnayan sa pisikal na bagay ng relasyon.

2. **Tama** o Mali? Ang relasyon ng mag-asawa ay dapat maging larawan ng relasyon ni Jesus sa Kanyang iglesia.

3. Tama o **Mali**? Sinasabi ng Biblia paano aayusin ng lalaki ang babae at paano aayusin ng babae ang lalaki.

4. Tama o **Mali**? Sinasabi ng Biblia na may mag-kaparehong tungkulin ang mag-asawa.

5. Tama o **Mali**? Sinasabi ng Biblia ang mga babae ay mas mababa kaysa sa lalaki at tratuhin sila na mababang halaga kaysa lalaki.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Ano ang turo ng Biblia sa mga asawang lalaki paano tratuhin nang kanilang mga asawa?
    a. Parangalan sila at bigyan ng respeto
    b. Mangingibabaw sa kanila
    c. Magpasakop sa anumang sasabihin nila
    d. Ariin sila bilang pag-aari

7. Saan binabase ng Kasulatan ang halaga ng isang babae?
    a. Sa kanyang abilidad na gumagawa gaya ng tungkulin ng lalaki
    b. Sa kanyang pisikal na kagandahan
    c. Sa kanyang ugaling espirituwal at abilidad na gawing kumpleto ang kanyang asawa lalaki
    d. Sa kanyang abilidad na kumita ng pera

8. Alin sa mga sumusunod na katangian ang nagbibigay kahulugan sa tungkulin ng lalaki at babae?
    a. Pagpapasakop
    b. Talento at kakayahan
    c. Hitsura
    d. Pag-ibig

9. Alin sa mga sumusunod ang pinaka dakilang katangian na maaari mong maangkin?
    a. Kaalaman
    b. Pag-asa
    c. Pananampalataya
    d. Pag-ibig

10. Kapag nabasa natin ang tungkol sa pag-ibig sa Biblia, paano natin kaagad magagamit kung ano ang natutunan natin?
    a. Sabihin nating sa ibang tao paano nila tayo mahalin.
    b. Dapat mabagabag ang ating budhi sa hindi natin pagmamahal sa iba.
    c. Dapat tayong mahikayat na mahalin ang iba tulad ng pagmamahal ni Jesus sa atin.
    d. Dapat siguruhin nauunawaan natin ito bago ialok sa iba.

11. Alin sa mga sumusunod na mga salita ang naglalarawan ng tunay na maka-bibliang pag-ibig? *(piliin lahat ng akma)*

makasarili	**nagtitiwala**
mapagpasensiya	walang pasensiya
magaspang	**mabait**
naiinggit	mapaghiganti
mapagmataas	**mapagkumbaba**
nagagalak	**di-pansin ang sarili**
may pag-asa	mapanganib
matiyaga	**mapagingat**

Mga asawang lalaki, paano mo lalong makikilala ang iyong asawa? Ano ang magagawa mo upang ipakita na nirerespeto at pinapahalagahan mo siya?

_____

_____

_____

Asawang babae, saan ka naghahanap nang pagpapahalaga sa iyong sarili? Ano ang magagawa mo upang lalo kang maging mabuting taga-kumpleto ng iyong asawang lalaki?

_____

_____

_____

Ano sa palagay mo ang mangyayari sa iyong buhay may asawa at iba pang relasyon kung itutuon mo ng lubusan ang iyong sarili sa iba at ipakita sa kanila ang uri ng pag-ibig na ipinakita ni Jesus sa atin? Ano ang magagawa natin upang lumago sa abilidad na pagpapakita ng ganoong pag-ibig sa iba?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang di-nagmamaliw, di-makasariling pag-ibig sa atin. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang Kanyang pag-ibig sa lalong malalim na kaparaanan at tulungan kang lumago sa abilidad mong magmamahal sa iba ng di-makasarili. Hingin sa Diyos na baguhin ang iyong ugali at mga relasyon, lalo na sa iyong asawa, habang natututo kang ipakita ang Kanyang pag-ibig.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang pagkakabagay ninyo ng iyong asawa sa inyong mga pagpapahalaga?

2. Anong modelo ang pinang-hahawakan ni Pedro at ni Pablo sa mag-asawa?

3. Ano ang pinagagawang tungkulin sa lalaki ayon sa modelong ito? Para sa asawang babae?

4. Paano ninyo ipinapakita ang inyong mga sariling tungkulin sa pag-aasawa? Sang-ayon ba kayo dito?

5. Sa paanong paraan ang iyong kultura ay sumasalungat sa batas ng Kasulatan sa pag-aasawa at pamilya?

6. Ano ang isang pinaka malaking problema sa pag-aasawa?

7. Anong uri ng pag-aalala ang maaaring idulot ng dalawang career na inilagay sa pag-aasawa?

Ang Pag-ibig at ang Pananaw Ng Kasulatan sa Paghihiwalay

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: FAM06

Layunin: Upang maunawaan ang dinamika ng pag-ibig sa relasyon ng mag-asawa at ano ang sinasabi ng Biblia sa paghihiwalay.

Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi maiinggitin, hindi mayabang ni mapagmataas man, hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim sa kapwa. Hindi niya ikinatutuwa ang gawaing masama, ngunit ikinagagalak ang katotohanan. Ang pag-ibig ay mapagpatawad, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at mapagtiis hanggang wakas...ngunit ang pag-ibig ay walang hanggan. Kaya't ang tatlong ito'y nananatili: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.

—1 Mga Taga Corinto 13:4-8, 13

"Nasusuklam ako sa pagpapalayas at paghihiwalay ng mga mag-asawa," sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. "Napopoot ako sa taong gumagawa ng kalupitan sa kanyang asawa. Kaya nga maging tapat kayo sa inyong asawa."

—Malakias 2:16

Ang pagiging isa—ang dalawa ay magiging isang laman—ay pundasyon ng relasyon ng mag-asawa, at sa pag-ibig ipinapahayag ang pagiging isa. Kung wala ang pag-ibig, hindi tayo magkakaroon ng uri ng pag-aasawa na nais ng Diyos. Ngunit ang uri ng pag-ibig na kailangan upang magkaroon ng ganap na buhay mag-asawa ay di-pangkaraniwang pag-ibig mula sa Diyos—*agape* love. Katulad ng sinabi sa atin sa 1 Mga Taga Corinto 13, ang uri ng pag-ibig na ito ay may pasensiya, mabait, hindi naiinggit, hindi mapagmalaki, hindi magaspang o makasarili, hindi madaling magalit, mapagpatawad, natutuwa sa katotohanan, marunong mag-ingat sa minamahal, mapagkakatiwalaan, mapag-asa, at matiyaga. Maipamamalas lang natin ang ganitong pag-ibig sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos na nakatira sa atin. Samakatuwid, kapag inilagay si Cristo sa gitna nang ating buhay at hinayaan Siyang mabuhay at magmahal sa pamamagitan natin ay mahalagang susi sa maayos na buhay ng mag-asawa. Ang ganitong uri ng pag-ibig ay hindi mapapalitan, hindi masisira, walang kundisyon, inspirado, at hindi maitataboy. Dapat nating matanto na ang ganitong uri ng pag-ibig ay imposible kung wala ang tulong ng Diyos.

Nais ng Diyos na hindi mawawasak ang buhay ng mag-asawa. Ang Biblia ay makatotohanan sa paraan na kinikilala ang ating mga kabiguan at hindi pagsunod sa mataas na pamantayan ng Diyos. Kung minsan may kabiguan sa pag-aasawa at ang mag-asawa ay naghihiwalay. Binibigyan tayo ng Diyos ng alituntunin sa mag-asawa at pamilya na ginawa upang tulungan tayo na matupad ang plano Niya para sa atin. Tinuturuan tayo ng Salita ng Diyos nang mga

hangganan sa mag-asawa na nagsisilbing proteksyon at pagpapanatili sa relasyon, ngunit lahat ng mga ito ay base sa Kanyang pag-ibig at Kanyang mabuting layunin para sa atin.

1. Tama o **Mali**? Ang pag-ibig ay damdamin sa panloob na walang epekto kung paano tayo kumilos.

2. Tama o **Mali**? Hindi natin puwedeng ipakita sa iba ang uri ng pag-ibig ng Diyos na ipinapakita sa atin.

3. **Tama** o Mali? Ang pag-ibig na inilalarawan sa Biblia ay hindi pangkaraniwan, hindi nagbabagong bahagi kung sino ang Diyos.

4. **Tama** o Mali? Sa kaibuturan ng kanyang puso, ang tunay na pag-ibig ay nakasentro sa iba at hindi sa ating sarili.

5. **Tama** o Mali? Ang orihinal na layunin ng pag-aasawa ay maging permanenteng relasyon ito.

6. Tama o **Mali**? Hindi pinapayagan ng Biblia ang diborsyo sa anumang dahilan.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Kapag tayo ay lumapit kay Cristo sa pananampalataya, ano ang nagiging sentro sa ating buhay?
    a. Ating sarili
    b. Jesus
    c. Ating trabaho
    d. Ating iglesia

8. Ano ang pinakamalaking problema sa pag-aasawa?
    a. Ang asawa mo
    b. Pera
    c. Makasarili

d. Mag anak

9. Ang pag-ibig ng Diyos ay _____.
    a. Matapat
    b. Walang hanggan
    c. Walang kundisyon
    d. Lahat ng nasa itaas

10. Upang umibig tulad ng pag-ibig ng Diyos, ano ang dapat nating matanto? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hindi ganito ang uri ng aking pag-ibig, ngunit ang Diyos ay ganito.
    b. Hindi ko kayang umibig ng ganito, ngunit kaya ng Diyos.
    c. Sa maramating pagkakataon ayaw kong umibig ng ganito, ngunit laging gusto ng Diyos.
    d. Lahat ng nasa itaas

11. Alin sa mga sumusunod ang ibinibigay ng Biblia na tamang dahilan sa diborsyo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hindi na magkabagay ang mag-asawa.
    b. Isa sa mag-asawa ay nagpapakita ng palagiang pangangalunya.
    c. Hindi na maramdaman ng asawang lalaki o babae ang pag-ibig sa isat-isa.
    d. Lumayas ang hindi mananampalatayang asawa dahil ang asawa ay naging Kristiyano.
    e. Hindi magkasundo ang mag-asawa kung ilan ang magiging anak nila.

12. Ano ang pangunahing layunin ng alituntunin ng Diyos ukol sa pamilya at pag-aasawa?
    a. Upang kontrolin ang ating mga naisin
    b. Upang alisin ang ating kalayaan
    c. Upang puwersahin tayong sumunod kaysa magmahal
    d. Upang bigyan tayo ng relasyong lubos na ganap at masayang tahanan

Sa iyo bang palagay ay lubos mong nararanasan ang layunin ng Diyos sa iyong pag-aasawa? Sa paanong paraan ka lalago upang maranasan mo ang Kanyang pag-ibig at maipakita ang pag-ibig Niya ng lubos?

_____

_____

_____

Ano ang dapat mong gawin upang maging matatag ang inyong buhay may asawa, mas masayang tahanan, ang ingatan ang iyong buhay may asawa mula sa diborsyo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang nais na malubos tayo ng Kanyang pag-ibig, magkaroon ng makabuluhang relasyon, at masayang tahanan. Hingin sa Diyos na punuin ang iyong tahanan ng Kanyang presensiya at Kanyang pag-ibig. Kung mayroong mga bahagi na kailangan mong sumunod sa Diyos nang buo, hingin sa kanya na tulungan kang gawin ito at ipangako na lumago sa iyong mga relasyon ayon sa Kanyang mga layunin.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sukatin mo ang iyong pagmamahal sa iyong asawa base sa bawat 15 katangian sa 1 Mga Taga Corinto 13:4-7.

2. Ano ang walang kundisyon pag-ibig, at paano naitatayo niti ang pamilya?

3. Paano posibleng magmahal ayon sa 1 Mga Taga Corinto 13:4-7?

4. Sa mag-asawang mananampalataya at hindi mananampalataya, sino ang may kalayaang umalis sa pag-aasawa, ayon sa Kasulatan?

5. Kung ang mag-asawa na nag-diborsyo at nag-asawang muli, lumapit sa Panginoon, ano ang payo ni Pablo tungkol sa kanilang buhay mag-asawa?

6. Ano ang layunin ng batas sa pag-aasawa at pamilya?

7. Bakit ang huling ikatlong buhay ay napakahalaga para sa mga anak at mga apo?

Pang-unawa

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: FAM07

Layunin: Upang siyasatin ang halaga ng pang-unawa sa ating asawa para sa paglago ng pagiging isa.

"Kayo namang mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhang mabuti ang inyong asawa, sapagkat sila'y mas mahina, at tulad ninyo'y may karapatan din sila sa buhay na walang hanggan na kaloob ng Diyos. Gawin ninyo ito, nang sa gayon ay walang magiging sagabal sa inyong mga panalangin."

—1 Pedro 3:7

"At siya rin ang nagsabi, 'Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina, at magsasama sila ng kanyang asawa at sila'y magiging isa.' Hindi na sila dalawa kundi iisa, kaya't ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng sinuman."

—Mateo 19:5-6

Kung ikaw ay mayaman, mabibili mo lahat ng bagay na nais gawin ng asawa mo para sa iyo—lahat maliban sa relasyon. Nagnanais ang lahat na sila ay maunawaan at nais din nating maunawaan ang ating asawa. Upang magkaroon ng relasyon, kailangan magtrabaho tayo sa pang-unawa sa bawat isa. Kaya nga, ang pang-unawa sa iyong asawa ay kakabit ng pagpapalago sa pagiging isa. Una sa lahat, kailangan nating maunawaan na ang lalaki ay kaiba sa babae at kinakailangang ipagdiwang ang pagkakaibang ito, hindi upang ayusin ito.

Ang halaga ng lalaki at babae ay base sa tungkulin at responsibilidad nila ayon sa pagkalikha sa kanila ng Diyos bilang natatanging indibiduwal. Ang salitang "self" (sarili) sa diksyonaryo ay inilarawan na "ang natatangi, ang pagkaindibiduwal ng sinumang tao na bumubuo kung sino siya na kakaiba sa sinumang tao." Kinakailangan nating maunawaan ang pagka-tangi ng ating mga asawa at kahalagahan ng kanilang nakalipas. Dapat tayong matutong makinig. Upang maayos nating mahalin ang ating asawa kinakailangang matutunan nating maayos na mahalin ang ating sarili ayon sa nais ng Diyos.

Kinakailangang hanapin natin ang tulong ng Diyos upang maunawaan paano magmahal tulad ng nararapat.

"Panginoon gawin mo akong instrumento ng iyong kapayapaan. Kung saan meron galit, hayaan mong magpunla ako ng pagmamahal; kung saan meron nasaktan, kapatawaran; kung saan meron pag-aalinlangan, pananampalataya; kung saan meron pagkabigo, pag-asa; kung saan meron kadiliman, ilaw; at kung saan meron kalungkutan, kagalakan. Oh, Banal na Panginoon, hayaan mo na hindi ako masyadong maghanap ng mag-aaliw kaysa mag-aliw, ***ako'y maunawaan kaysa ako ang umunawa****, ang mahalin ako kaysa ako ang magmahal, dahil sa pagbibigay tayo'y tumatanggap, at sa pagpapatawad tayo ay pinapatawad, sa kamatayan tayo ay ipinanganak sa buhay na walang hanggan.*

—Francis of Asisi

1. **Tama** o Mali? Ang komunikasyon ay gamit na tumutulong sa atin upang mapanatili ang pagiging isa sa pag-aasawa.

2. Tama o **Mali**? Ang magkabagay sa pagpapahalaga ay hindi importante bilang ebidensiya ng pagiging isa sa mag-asawa.

3. Tama o **Mali**? Maaari tayong magkaroon ng magandang buhay mag-asawa ng walang pagkakaunawaan sa isat-isa.

4. Tama o **Mali**? Hindi natin kailanman mauunawaan ang ating asawa, at dapat huwag na nating subukan ito.

5. **Tama** o Mali? Kung ang pang-unawa ninyo ay hindi lumalago, ang pagiging isa ninyong mag-asawa ay hindi lumalago.

6. Tama o **Mali**? Sinasabi ng Salita ng Diyos sa atin na huwag tayong magalit dahil sisirain ng galit ang mag-asawa.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

> *Kung magalit man kayo, iwasan ninyo ang kayo'y magkasala. Huwag ninyong hayaang lumubog ang araw na galit pa rin kayo. Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo.*
>
> —Mga Taga Efeso 4:26-27

7. Bakit mahalaga na maunawaan mo ang iyong asawa?
    a. Imposible ito, kaya huwag nang subukan.
    b. Mahalaga ito dahil ito ang sanhi ng paglago ng pagiging isa.
    c. Mahalaga ito upang makuha mo na ipagawa ang maraming bagay sa kanila.
    d. Hindi ito mahalaga sa pagkakaroon ng masayang tahanan.

8. Ano ang iilang mga pagkakaiba ng lalaki at babae na dapat nating maunawaan? *(piliin lahat ng akma)*

pagpapahalaga	**pisikal**
biological	mahalaga
karapatan	**intelektuwal**
kahalagahan	**espirituwal**
emosyonal	**tungkulin**

9. Ano ang iilang mga bagay na gusto nating dapat maunawaan tungkol sa ating asawa?
    a. Ang kanilang nakalipas, paano sila pinalaki, ano ang nangyari sa kanila.
    b. Ang pagiging indibiduwal nila at paano sila katangi-tangi
    c. Ang pagkakaiba ng mga lalaki at mga babae at magdiwang sa mga pagkakaibang ito
    d. Lahat ng nasa itaas

10. Bakit mahalaga na maunawaan ang kabanalan ng ating pagiging indibiduwal?
    a. Dahil bahagi tayo ng pagka-diyos, tayo ay mga diyos.
    b. Hindi ito mahalaga. Wala tayong halaga dahil lahat tayo ay maghihirap at mamatay.
    c. Dahil nilkha tayo ng Diyos na katangi-tangi at kakaiba sa ibang tao.
    d. Hindi ito mahalaga dahil lahat tayo ay ginawang pare-pareho.

11. Sa liwanag ng katotohang ang mag-asawa ay magkaiba, ano ang mabuting kahulugan ng pang-unawa?
    a. Simpleng pagkakasundo na di kayo magkasundo
    b. Maghanap ng mapagkakasunduan na maresolba ang pagkakaiba
    c. Tanggapin sa intelektuwal ang inyong pagkakaiba
    d. Sumangayon sa iyong asawa sa lahat ng bagay

12. Ano ang ibig sabihin ng "sentro sa asawa?"
    a. Tratuhin ang iyong asawa sa lahat ng bagay tulad ng nais mo na tratuhin ka
    b. Hilingin na ikaw ang sentro at pinaka mahalaga
    c. Unawain na ang pagbibigay ng pangangailangan ng iyong mga anak ay pinaka prayoridad
    d. Ipagkaloob lahat ang nais ng iyong asawa

13. Paano talaga natin mapapakinggan ang ating asawa?
    a. Hayaan silang magsasalita hanggat nais nila.
    b. Makipagtalo sa lahat ng sasabihin nila.
    c. Maghintay hanggang sa ikaw na ang magsasalita.
    d. Makinig sa kanilang sinasabi at sikaping maunawaan sila at maunawaan ka nila.

14. Sa ating pag-aasawa, ano ang kabaligtaran ng pag-ibig?
    a. Poot
    b. Pagwalang-bahala
    c. Galit
    d. Kalupitan

Basahing muli ang panalangin ni Francis of Asisi. Anong bahagi ng panalangin na ito, kung gagamitin sa iyong buhay, ang higit na makakatulong sa iyong buhay may asawa? Ipanalangin mo ang bahaging iyon sa buhay mo itong darating na linggo.

_____

_____

_____

Ano ang iilan na mga bagay ang humahadlang sa mas maraming pang-unawa sa iyong buhay may asawa? Ano ang magagawa mo sa linggong ito upang mapabuti ang iyong pang-unawa?

_____

_____

_____

Sinabi ni Pablo, "Ang nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili." Naunawaan mo ba ang pag-ibig ng Diyos sa iyo, na makapagbibigay sa iyo ng wastong pagmamahal para sa iyong sarili? Paano mo maipamamalas ng mabuti ang pag-ibig ng Diyos sa iyong asawa?

_____

_____

_____

Ipanalangin ang dakilang panalangin ni Francis of Asisi para sa iyong pag-aasawa.*"Panginoon gawin mo akong instrumento ng iyong kapayapaan. Kung saan meron galit, hayaan mong magpunla ako ng pagmamahal; kung saan meron nasaktan, kapatawaran; kung saan meron pag-aalinlangan, pananampalataya; kung saan meron pagkabigo, pag-asa; kung saan meron kadiliman, ilaw; at kung saan meron kalungkutan, kagalakan. Oh, Banal na Panginoon, hayaan mo na hindi ako masyadong maghanap ng mag-aaliw kaysa mag-aliw,* ***ako'y maunawaan kaysa ako ang umunawa****, ang mahalin ako kaysa ako ang magmahal, dahil sa pagbibigay tayo'y tumatanggap, at sa pagpapatawad tayo ay pinapatawad, sa kamatayan tayo ay ipinanganak sa buhay na walang hanggan.*

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Gaano mo kakilala ang iyong asawa? At nagkakaunawaan ba kayo sa isat-isa?

2. Nagbibigay ka ba ng sapat na panahon sa iyong asawa upang lalo mo siyang maunawaan? O, pareho ba kayo parang trumpo na walang panahon sa isat-isa?

3. Ang mga pag-aaway ba ninyo sa inyong pag-aasawa ay may kaugnayan sa nakalipas na karanasan/sakit na hindi ninyo alam?

4. Nararamdaman mo ba na nauunawaan ka ng iyong asawa, ang iyong mga kalakasan, mga kahinahan, at damdamin? Ipaliwanag bakit o bakit hindi.

5. Handa ka bang masaktan kung inyong pag-uusapan mga bagay na ito?

6. Magsisikap ka ba na maunawaan mo ang iyong asawa kahit na hindi siya magsisikap na unawain ka? Bakit ito mahalaga?

7. Mayroon ka bang tamang pagmamahal sa iyong sarili na makakaya mong mahalin ang iba gaya ng iyong pagmamahal sa sarili?

Pang-unawa (Part 2)

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: FAM08

Layunin: Upang matanto na ang walang pang-unawa ay peligro, at ang pangangailangan ng pang-unawa sa ating sarili upang lalo nating maunawaan ang ating asawa.

"Hindi namin ipapantay, o ihahambing man lamang, ang aming sarili sa ilang nagbubuhat ng sariling bangko. Napakahangal nila! Ang sarili rin nila ang ginagawa nilang sukatan at parisan ng kanilang sarili!"

—2 Mga Taga Corinto 10:12

"Hindi namin ipapantay, o ihahambing man lamang, ang aming sarili sa ilang nagbubuhat ng sariling bangko. Napakahangal nila! Ang sarili rin nila ang ginagawa nilang sukatan at parisan ng kanilang sarili!"

—Marcos 8:36

"Datapuwa't sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, ako nga'y ako."

—1 Mga Taga Coritno 15:10

Ang unang hamon sa pang-unawa sa bawat isa ay ang pang-unawa sa pagkakaiba nang lalaki at babae. Dapat din nating maintindihan ang kahalagahan ng nakaraan. Dapat nating maintindihan ang ating asawa, upang makapag-komunikasyon tayo sa mas lalalim na antas. Dapat natin talagang makita ang ating asawa at saka hingin sa Diyos na mahalin Niya ang ating asawa sa pamamagitan natin, dahil kung magmamahal tayo sa paraan ng Diyos, kailangan natin ang tulong ng Diyos. Nilikha tayong lahat, lalaki at babae, ng Diyos na may pagkatangi ang bawat isa na nagsisilbing kakaiba at walang kapareho sa ibang mga tao.

Sinimulan ng Diyos ang pag-uusap sa tao sa pamamagitan ng apat na tanong. Ang apat na tanong na ito ay umalingawngaw sa habang panahon, mula sa Hardin ng Eden hanggang sa panahon natin ngayon. Ang una ay, "Nasaan ka?" Nasa lugar ka ba kung saan nais ng Diyos? Ang pangalawang tanong, "Sino ang nagsabi sa iyo?" Nais malaman ng Diyos sino ang pinapakinggan mo. Nakikinig ka ba sa Diyos, o sa kultura para sa mga kasagutan? Ang pangatlong tanong ng Diyos ay, "kumain ka ba sa ipinagbabawal na puno?" Ang ika-apat na tanong ng Diyos ay, "Ano ang ginawa mo?" Alam ng Diyos, ngunit binibigyan tayo ng pagkakataon na umamin—sumang-ayon sa Kanya.

Nagbigay pa ng apat na tanong ang Diyos: "Saan ka nanggaling?" Nais ng Diyos na ipahayag natin ang ating nakaraan. Ang susunod na tanong ay, "Saan ka pupunta?" May lugar ang Diyos para sa iyo. Nais mo bang pumunta doon? "Sino ka?" Dapat natin malaman sino tayo kay Cristo at ano ang hindi tayo kay Cristo. Isa pang tanong ang ibinigay ni Jesus sa mga alagad ay, "Ano talaga ang gusto mo?" Sa madaling salita, "Nais mo ba na maging, naroon, at ayon sa plano ng Diyos?" Ang mga katanungan na ito ang gagabay upang makilala natin ang ating sarili at maunawaan natin ang ating mga asawa nang mas mabuti.

1. Tama o **Mali**? Ang komunikasyon ay ebidensiya ng pagiging isa.

2. **Tama** o Mali? Ang pag-ibig ang siyang dinamika sa pagiging isa.

3. **Tama** o Mali? Ang pang-unawa ay siyang paglago sa pagiging isa.

4. Tama o **Mali**? Wala naman talagang pagkakaiba ang lalaki at babae; lahat tayo ay nilikha na magkaka-pareho.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit nilikha ng Diyos ang tao upang maging siya mismo?
   a. Nais niya na ang bawat isa ay magkakamukha.
   b. Ang malaking sangsinukob ay kailangang mapuno ng maraming tao
   c. Mayroong isang sagradong pagkatao ang bawat isa.
   d. Nasisiyahan siyang makita na nag-aaway ang lalaki at babae.

6. Kanino tayo dapat huwag magkumpara nang ating sarili ayon sa sinasabi ng Salita ng Diyos?
   a. Sa ibang tao
   b. Sa ating mga kapatid
   c. Sa ating asawa
   d. Lahat ng nasa itaas

7. Ayon kay Jesus ano ang halaga ng ating pagkakilala sa ating sarili, sa ating kaluluwa?
   a. Maliit lang ang ating halaga.
   b. Ang iba ay espesyal at mas mahalaga kaysa sa iba.
   c. Hindi natin malalaman dahil hindi sinabi sa atin ng Diyos.
   d. Ang bawat isa sa atin ay higit pa ang halaga kaysa sa buong kayamanan sa mundo.

8. Bakit tinanong ng Diyos si Adan at Eva, “Nasaan ka?”
    a. Hindi makita ng Diyos si Adan at Eva.
    b. Nakikipaglaro ng tagu-taguan ang Diyos kay Adan at Eva.
    c. Nais ng Diyos na aminin ni Adan at Eva na wala sila sa lugar na dapat silang naroon.
    d. Hindi alam ng Diyos kung nasaan si Adan at Eva.

9. Bakit tinanong ng Diyos si Adan at Eva, “Sinong nagsabi sa iyo?”
    a. Nais ng Diyos kung sino ang kausap nila.
    b. Nais ng Diyos na malaman ni Adan at Eva na siya ang nagsabi sa kanila.
    c. Ayaw ng Diyos na nakikipagusap tayo sa mga estranghero.
    d. Masyadong mausisa ang Diyos sa ibat-ibang mga tao na maaaring nakilala ni Adan at Eva.

10. Noong itanong ng Diyos kay Adan at Eva, “Kumain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na inutos ko sa iyong huwag mong kainin,” ano ang nais na malaman ng Diyos?
    a. Kung napagtanto ni Adan at Eva na naghahanap sila ng kaloob labas sa plano ng Diyos
    b. Kung ano ang kinain ni Adan at Eva sa hapunan
    c. Kung sinuway ni Adan at Eva ang utos ng Diyos
    d. Kung magsisinungaling si Adan at Eva

11. Bakit tinanong ng Diyos si Adan at Eva, “Ano ang ginawa mo?”
    a. Hindi talaga alam ng Diyos kung ano ang ginawa nila.
    b. Mausisa ang Diyos dahil walang naman talagang tama o mali.
    c. Nais ng Diyos na mapagtanto nila ang kanilang ginawa ay mali at bigyan sila ng pagkakataon na umamin.
    d. Nais ng Diyos na parusahan si Adan at Eva, ngunit gusto niyang makasiguo na sumuway nga sila.

12. Bakit mahalaga para sa Diyos na tanungin ang tao, “Saan ka nanggaling?”
    a. Nais ng Diyos na mapagtanto natin na walang nakaraang sitwasyon ang imposible.
    b. Alam ng Diyos saan tayo nanggaling, at nais niya na maunawaan natin ang ating nakaraan.
    c. Nais ng Diyos na ipahayag natin ang ating nakaraan.
    d. Lahat ng nasa itaas.

13. Bakit tinanong ng Diyos ang tao, “Saan ka pupunta?”
    a. Nais ng Diyos na mapagtanto natin na meron Siyang plano para sa bawat isa sa atin.
    b. Hindi sigurado ang Diyos.
    c. Nais ng Diyos na pumunta rin doon.
    d. Hindi alam ng Diyos kung makakapili ang tao ng tama.

14. Noong itanong ng Diyos ang tao, “Sino ka?” ano ang nais Niyang malaman ng tao?
    a. Kung sino siya
    b. Kung ano na hindi siya
    c. Kung sino siya kaugnay sa Diyos
    d. Lahat ng nasa itaas

Itanong mo sa iyong sarili ang walong katanungan na ginamit ng Diyos. Pagkatapos kasama ang iyong asawa, sagutin ninyo ang mga tanong na ito sa linggong ito. Aling tanong ang pinaka totoo sa inyo? Aling tanong ang nakatulong na mapagtanto mo kung sino ikaw at ang sarili na nais ng Diyos na maging ikaw?

_____

_____

_____

Noong tanungin ni Jesus ang kanyang mga alagad, “Ano ang gusto ninyo?” Nais Niya para sa kanila na ipahayag nila na nais nilang maging at nasa lugar sila kung saan ang plano ng Diyos para sa kanila. Kung tatanungin ka ni Jesus, “Ano ang gusto mo?” ano ang sagot mo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na siya ang nagsimulang makipagusap sa tao. Pasalamatan ang Diyos na mahal ka Niya at ginawa kang espesyal at kakaibang indibiduwal at meron siyang tiyak na plano para sa iyong buhay. Hingin sa Kanya na gamitin ang mga katanungan na ito upang akayin sa lalong mabuting pang-unawa kung sino ka at kung ano ang plano Niya sa iyo at sa iyong pamilya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Nais mo ba talagang maunawaan kung sino ka at ang iyong asawa? Kung ito nga ang nais mo, ano ang maaari mong gawin para doon? Ano ang nais mong gawin ng Diyos para doon?

2. Paano ka magiging kakaibang tao na ginawa ng Diyos?

3. Ano at sino ang pinagmumulan ng iyong pananaw at paniniwala?

4. Ano ang tunay na kahulugan ng "pahayag?" Ginawa mo na ba ito kaugnay sa kung sino talaga ikaw?

5. Ikaw ba ay nabubuhay kung sino talaga ikaw? Ano ang maaari mong ipagmalaki?

6. Ano ang hinahanap mo? Ang nais mo ba ay kasama sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, o sa pagtatayo ng sariling mong kaharian?

7. Ano ang walong katanungan na itinanong ng Diyos sa Biblia na makakatulong sa mag-asawa upang maunawaan ang kanilang mga sarili at ang isat-isa? Bakit ang mga katanungan na ito ay mahalaga din sa malalim na antas ng komunikasyon.

Pang-unawa (Part 3)
At Seks (Part 1)

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: FAM09

Layunin: Upang maunawaan ang maka-Bibliang kahulugan ng tungkulin at paghahati sa gawain at ang masayang kapahayagan ng pagiging isa sa mag-asawa.

Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Dios.

—Mga Hebreo 13:4

Ngayong tungkol sa mga kaloob na ayon sa espiritu, mga kapatid, ay hindi ko ibig na hindi kayo makaalam.

—1 Mga Taga Corinto 12:1

At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa" . . . At nakita ng Dios ang lahat ng kaniyang nilikha, at, narito, napakabuti. At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw.

—Genesis 1:27-31

Kinakailangang magkaunawaan tayo sa isat-isa upang maayos nating maunawaan ang ating mga tungkulin at reponsibilidad sa ating buhay may asawa at buhay pamilya. Sa Kristiyanong mag-asawa, ang asawang lalaki ay dapat matapat sa kaganapan ng kanyang asawang babae at gayun di naman ang asawang babae sa kanyang asawang lalaki. Nagbibigay ang Biblia ng kasagutan upang matulungan tayo na maunawaan ang ibinigay na tungkulin ng Diyos sa atin, ngunit ang paghahati ng gawain sa loob ng tahanan ng Kristiyano ay dapat base sa ating natural na kaloob at mga talento at kasama rito ang espirituwal na kaloob. Gayun pa man, huwag nating ikalito ang mga natural na abilidad sa espirituwal na mga kalooob.

Kinakailangan meron tayong pang-unawa upang sa gayon kapag dumating ang krisis at bagyo sa ating buhay, matibay nating mahaharap ito at ang ating buhay may-asawa ay hindi masisira. Ang unang pundasyon sa pang-unawa ay ang ating relasyon kay Jesus; ang bato sa ating kaligtasan. Kung ang ating mga buhay at tahanan ay itinayo sa Kanya, makakatulong sa atin na harapin ang ibang mga krisis kapag sila ay dumating.

Nilalang ng Diyos ang lalaki at babae upang maranasan nila ang masayang kapahayagan ng pagiging isa. Sa konteksto ng mag-asawa at pamilya, maliwanag na nilalang ng Diyos ang seks para sa pagpaparami ng tao, na siyang plano ng Diyos na punuin ng mga mabubuting tao ang

mundo. Nais din ng Diyos ang pagtatalik ay kapahayagan ng pag-ibig at masayang kapahayagan ng pagiging isa. Binigyan pa nga tayo ng maliit na aklat ng Diyos sa Kasulatan, ang tawag ay Awit ni Solomon, na nagpapakita ng maka-makatang pag-sang ayon ng Diyos sa seks sa loob ng pag-aasawa.

1. Tama o **Mali**? Sinasabi ng Biblia na huwag tulungan ng asawang lalaki ang kanyang asawang babae sa gawain sa bahay.

2. Tama o **Mali**? Ang mga tungkulin at kahulugan ng mag-asawa ay dapat galing sa kultura.

3. **Tama** o Mali? Nais ng Diyos na harapin natin ng maayos ang mga krisis upang ang buhay mag-asawa ay maging matibay.

4. Tama o **Mali**? Ang tanging dahilan kung bakit ginawa ng Diyos ang seks ay para magka-anak.

5. Tama o **Mali**? Ang espirituwal na kaloob at natural na kaloob ay pareho lang.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Bakit at kanino nagbibigay ng mga kaloob ang Banal na Espiritu?
    a. Sa bawat mananampalataya
    b. Para sa ikabubuti ng katawan ni Cristo
    c. Upang magamit
    d. Lahat ng nasa itaas

7. Bakit mahalaga na matuklasan natin ang ating mga espirituwal na kaloob?
    a. Upang maipagyabang natin ito sa iglesia
    b. Upang lalo nating mapaglingkuran ang iglesia at ang ating pamilya
    c. Upang magkaroon tayo ng position na may kapangyarihan
    d. Upang mas magaling tayo kaysa sa ating asawa

8. Ano ang sinabi ni Jesus na makakatulong sa mag-asawa upang maharap ang mga krisis at bagyo sa ating mga buhay?
    a. Manatiling matapat at pumunta sa maraming paglalakbay.
    b. Pagtatayo ng ating buhay at buhay mag-asawa sa Bato
    c. Manalangin araw-araw at magpunta sa iglesia tuwing Linggo
    d. Pagpaparangal sa ating ama at ina at pagiging maingat na huwag makatisod kanino man.

9. Anong krisis na makakasira ng buhay mag-asawa? *(piliin lahat ng akma o isulat ang sarili mong krisis)*

kamatayan ng isang anak	di-pagiging tapat
pinansyal	pagiging magulang
mga relasyon	krisis sa mid-life
kalusugan	pagtatalik sa pisikal
emosyonal na stress	trabaho

_____

_____

_____

10. Ano ang maasahan mo sa mabuting Kristiyanong pag-aasawa?
    a. Na hindi ka makakararanas ng paghihirap at krisis
    b. Na lagi kang magiging mapagmahal at mabait
    c. Na hindi ka na magkakaroon ng mga tukso
    d. Wala alin man sa itaas

11. Ayon sa salita ng Diyos, ano ang pag-aasawa sa mata ng Diyos?
    a. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghihiwalayin ng tao
    b. Ang mga nagmamahalan ng lubos sa isat-isa
    c. Ang mga may magandang seremonyas sa iglesia
    d. Ang mabuting magkapareha ay kung ang mga magulang ay sang-ayon

12. Ano ang layunin ng Diyos sa pagtatalik ng mag-asawa?
    a. Ang pinaka-masayang kapahayagan ng pagmamahalan sa buhay na ito
    b. Ang paraan kung saan dadami ang mga tao sa mundo
    c. Ito ay proteksyon sa tukso
    d. Lahat ng nasa itaas

13. Ayon sa Deuteronomio 24:5 ano sa palagay mo ang plano ng Diyos sa pag-aasawa?
    a. Kailangang mag-asawa ang mga lalaki upang huwag silang pumunta sa gera.
    b. Kapag nag-asawa ang mga lalaki, gagawin ng mga asawang babae ang lahat ng trabaho.
    c. Dapat matuto ang asawang lalaki paano magbigay ng kaligayahan sa

> *Ang lalaking bagong kasal ay hindi maaring maglingkod sa hukbo o anumang gawain-bayan sa loob ng isang taon; hayaan muna siyang lumigaya sa piling ng kanyang asawa.*
> —Deuteronomio 24:5

kanyang asawang babae.

d. Masmabuti sa mga lalaki na huwag mag-asawa.

Anong krisis o bagyo ang hinaharap ninyong mag-asawa? Ang iyo bang buhay at pag-aasawa ay naitayo sa Bato—Jesu-Cristo?

_____

_____

_____

Nagbigay ang Diyos ng napaka-liwanag na katuruan sa buong Salita Niya tungkol sa plano ng pag-aasawa. Basahin ang 1 Corinto 7:2-5. Ano ang itinuturo ng Kanyang Salita tungkol sa tungkulin ng asawang lalaki? Paano naman ang tungkulin ng asawang babae? Paano natin matutulungan ang ating mga asawa na magiging matatag sa tukso ni Satanas?

_____

_____

_____

Datapuwa't, dahil sa mga pakikiapid, ang bawat lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawat babae magkaroon ng sariling asawa. Ibigay ng lalake sa asawa ang kaniya'y nararapat: ganon din naman ang babae sa kanyang asawa. Ang babae ay walang kapangyarihan sa kanyang sariling katawan, kundi ang asawa: at gayon din naman ang lalake ay walang kapangyarihan sa kanyang sariling katawan, kundi ang asawa. Huwag magpigil ang isa't isa, maliban kung pagkasunduan sa ilang panahon, upang kayo'y mamalagi sa pananalangin, at muling kayo'y magsama, baka kayo'y tunksuhin ni Satanas dahil sa inyong kawalan ng pagpipigil.

—1 Mga Taga Corinto 7:2-5

Pasalamatan ang Diyos na naintindihan at kilala ang bawat bagyo na dumarating sa iyong buhay at nais gamitin ang mga iyon para gawin kang malapit sa Kanya upang makilala mo Siya at ang Kanyang pag-ibig. Pasalamatan ang Diyos sa paraan na nilikha ang iyong asawa. Purihin ang Diyos sa kanyang plano sa pagtatalik at ipanalangin na ang maligayang kapahayagan ng pagiging isa sa inyong mag-asawa ay maging totoong bagay na nais Niya. Hingin sa Diyos na tulungan ka na maihayag ang Kanyang walang kondisyon na pag-ibig sa pamamagitan mo sa iyong asawa.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Nagawa ba ng krisis sa buhay ninyo na maging malapit sa isat-isa, o kabaligtaran nito? Paano?

2. Nagbigay ang aralin ng iilang tipo ng mga krisis. Nakaranas mo na ba ang mga ito? Paano ninyo hinarap, kayong mag-asawa, ang mga ito?

3. Ano ang isang bagay sa Genesis ang sinabi ng Diyos na hindi mabuti?

4. Paano ang seks, na nilikha ng Diyos na masayang kapahayagan ng pagiging isa, ay maging hadlang sa pagiging isa?

5. Saan mo dapat kunin ang impormasyon tungkol sa seks? Saan sinasabihan ang mga mag-asawa tungkol sa plano ng Diyos sa seks?

6. Ano ang pananaw mo tungkol sa seks? Ano ang mga inaasahan mo dito?

7. Paano ang paglalarawan ng mga puno sa Genesis 3 magagamit sa seks?

Seks (Part 2)

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: FAM10

Layunin: Upang maunawaan ang disenyo ng Diyos sa seks para sa mag-asawa.

"Hindi mabuti na ang lalake ay magisa"

—Genesis 2:18

Pagka ang isang lalake ay bagong kasal, ay huwag lalabas na sasama sa hukbo ni mamamahala ng anomang katungkulan; siya'y magiging laya sa bahay na isang taon at kaniyang pasasayahin ang kaniyang asawa na kaniyang kinuha.

—Deuteronomio 24:5

Ibigay ng lalake sa asawa ang sa kaniya'y nararapat: at gayon din naman ang babae sa asawa.

—1 Mga Taga Corinto 7:3

Ninais ng Diyos na ang seks ay maraming layunin. Isa sa mga layunin na makikita natin sa Biblia ay pagpaparami ng tao, ngunit ginawa rin ito para maging daan sa maligayang kapahayagan ng mag-asawa. Habang asawang lalaki at babae ay nagsasama sa buhay at lumalagong magkasama sa espirituwal, ang kanilang pisikal na relasyon ay nagiging kapahayagan ng kanilang pagiging isa. Nakakalungkot lang, na dinisenyo ng Diyos na maligayang kapahayagan ng pagiging isa ay naging malaking hadlang sa pagiging isa.

Ano man ang magagawa ng mag-asawa upang linangin ang kanilang pagiging isa—kasama ang kanilang paglago sa espirituwal, ang kanilang pagkabagay, ang komunikasyon nila sa isat-isa—ay mga pakinabang sa kanilang pisikal na relasyon. At ang di-makasariling kapahayagan ng pag-ibig ay ganon din kahalaga sa sekswal na aspeto ng mag-asawa tulad sa ibang aspeto sa kanilang relasyon. Kapag tayo ay pumasok sa gawaing sekswal na pagtatalik, dapat maging buong tapat tayo sa kaligayahan ng ating asawa. Iyan ang uri ng pagmamahal at katapatan sa seks ayon sa intensyon ng Diyos.

Ipinapakita ng Diyos sa atin sa Kasulatan ang Kanyang disenyo sa ating mga relasyon. Kung hahayaan natin ang Salita ng Diyos na ipakita sa atin ang ating mga ugali at inaasahan tungkol sa seks, matutuklasan natin na ang seks na ginawa ng Diyos ay dapat ipahayag sa konteksto ng inordenang samahan ng Diyos ng pag-aasawa at pamilya na magdala nang kaganapan at kaligayahan para sa mag-asawa. Ngunit higit sa lahat ipinapakita sa atin ng Diyos na tinatawag nating "Pitong Espirituwal na Kamangha-mangha" na magdadala sa atin sa kaalaman ng pag-ibig at walang hanggang plano para sa atin:

- Ang disenyo/pagkatangi natin
- Ang diborsyo/pagkahiwalay natin sa Diyos
- Ang dilema ng Diyos sa Kanyang pag-ibig at hustisya

- Ang dakilang deklarasyon ng Diyos – sinasabi sa atin ng Kanyang Salita ang Mabuting Balita kung paano ang pagkakahiwalay ay maaaring ipagkasundo
- Ang ating desisyon at tugon na tanggapin ang Mabuting Balita ng Diyos na binayaran ni Jesus ang ating katubusan sa tamang halaga
- Ang ating alituntunin sa pagsunod kay Jesus
- Ang espirituwal na kapangyarihan ng pagtira ni Jesus sa atin

1. Tama o **Mali**? Ang tanging layunin ng Diyos sa seks ay magkaroon lamang ng anak hindi para sa kaligayahan.

2. **Tama** o Mali? Ang seks ay dapat maging masayang kapahayagan ng pagiging isa nang mag-asawa.

3. Tama o **Mali**? Hindi tayo tinuturuan ng Biblia anumang bagay tungkol sa seks; kailangan natin matutunan ito mula sa ating kultura.

4. Tama o **Mali**? Hindi dapat pag-usapan ng mga Kristiyano ang tungkol sa seks dahil ito ay hindi banal na usapan.

5. Tama o **Mali**? Isinulat ni Pablo na ang mag-asawa ay dapat umiwas sa seks hanggat maari.

6. **Tama** o Mali? Ang pinaka-mahalagang aspeto ng ating pag-aasawa ay ang espirituwal na aspeto.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Ano ang mga layunin ng Diyos sa seks? *(piliin lahat ng akma)*
    a. **Magkaroon ng mga anak**
    b. Salungatan ng mag-asawa
    c. **Kagalakan at kaligayahan**

d. Kapahayagan ng pagmamahalan at pagiging isa
e. Makasariling kaganapan ng ating pagnanasa
f. Di-makasariling kaganapan ng pag-ibig

8. Ano ang dapat mangyari sa mag-asawa upang maranasan ang sekswal na kaganapan?
   a. Bawat isa sa kanila, lalo na ang asawang lalaki, ay kailangang ituon ang pansin sa asawa.
   b. Kailangang mag-pokus sa sarili nilang kaganapan at hindi sa bawat isa.
   c. Kailangang mag-aral kung ano ang sinasabi ng kultura tungkol sa seks.
   d. Ang kaganapan sa sekswal ay hindi kanais-nais na layunin, kaya huwag silang umasa na makikita ito.

9. Ayon kay Pablo, ano ang basehan ng mag-asawa sa kanilang desisyon tungkol sa kanilang buhay sa sekswal?
   a. Ibase sa kung ano man ang karaniwan
   b. Ibase sa kung ano man ang dinidikta ng kultura
   c. Ibase sa kung ano man ang napagkasunduan ng mag-asawa
   d. Ibase sa kung ano man ang ipinyon ng tao

10. Alin sa mga sumusunod na salita ang disenyo ng Diyos sa sekswal sa buhay ng mag-asawa *(piliin lahat ng akma)*

Makasarili	**kusa**
Damayan (mutual)	hinihingi
Walang kundisyon	**espirituwal**
Pisikal	hindi nakakapagpaligaya
Hindi banal	**eksklusibo**

11. Ano ang "Pitong Espirituwal na Kamangha-mangha sa Mundo?"
    1. _____ (ang ating **disenyo**—ang ating pagkatangi)
    2. _____ (ang ating **diborsyo**—ang ating pagkahiwalay sa Diyos)
    3. _____ (ang **dilema ng Diyos**—ang Kanyang pag-ibig at hustisya at ang ating pagkahiwalay)
    4. _____ (ang **deklarasyon ng Diyos**—ang Kanyang Salita, ang Mabuting Balita)
    5. _____ (ang ating **desisyon**—ang tugon natin sa Diyos)
    6. _____ (ang ating **alituntunin**—pagsunod sa Kanya)
    7. _____ (ang **espirituwal na kapangyarihan**—si Cristo nakatira sa atin)

Sa paanong paraan mo nakita ang layunin ng Diyos sa seks ay naganap sa iyong buhay may-asawa? Sa anong paraan sa palagay mo dapat lumago ang iyong buhay may-asawa?

_____

_____

_____

Nagdesisyon ka na ba na sundin si Jesu-Cristo? Kung hindi pa, hindi mo mararanasan ang buhay may asawa ayon sa nais ng Diyos. Kung hindi mo pa isinuko ang iyong buhay at pag-aasawa kay Cristo, gawin na ngayon.

Pasalamatan ang Diyos sa napakagandang kaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kaloob na seks. Hingin sa Kanya na tulungan ka na maganap ang Kanyang mga layunin sa iyong sekswal na buhay sa iyong asawa—na ito ay maging kapahayagan ng pagiging isa gaya ng nararapat.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Kung nilikha ng Diyos ang seks para sa kaligayahan at pagkakaroon ng anak sa loob ng buhay mag-asawa, ano ang itinuturo ng iyong kultura tungkol sa seks, at alin ang iyong pinili na paniwalaan?

2. Ano ang susi upang maganap ang relasyon sa sekswal?

3. Paano magiging posible ang modelo ng Iglesia at si Cristo na maganap sa ating buhay mag-asawa?

4. Kung hindi ka karapat-dapat na asawa at magulang kung wala ang tulong ng Diyos, Saan ka kukuha ng tulong?

5. Paano inilalarawan ng “Pitong Espirituwal na Kamangha-mangha” ang isang Kristiyano?

6. Ang bawat isa ba sa “Pitong Espirituwal na Kamangha-mangha” ay naglalarawan sa iyo? Paano?

7. Paano ang pagiging Kristiyano mo ay makakatulong na maging “karapat-dapat kang tao” sa iyong buhay may-asawa?

Ang Buod ng Pitong Bigkis ng Pag-aasawa

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: FAM11

Layunin: Upang lalo pang maunawaan ang relasyon ng mag-asawa sa sekswal at ang espirituwal na pundasyon upang maganap ang pagiging isa nila.

Ang babae ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa: at gayon din naman ang lalake ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa.

—1 Mga Taga Corinto 7:4

Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila.

—Mateo 7:12

Ang 1 Mga Taga Corinto 7 ay isa sa pinakamahusay na talata sa Kasulatan tungkol sa pagtatalik ng mag-asawa. Dito tinatalakay ni Pablo paano ang asawang lalaki at babae ay mapaligaya ang isat-isa at paano ang pagkakasundo ng dalawa ay mahalagang prinsipyo sa pagkakaroon ng nakakaligayang pisikal na relasyon. Ang susi ay nakatuon sa kapareha. Tulad ng sinasabi ng gintong aral, "*Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila" (Mateo 7:12).* Kapag kaya nating mabuhay sa ganitong pananaw, ang ating buhay may-asawa at iba pang mga relasyon ay nagiging kasiyasiya at nagiging ganap.

Ang modelo ng Biblia ay si Cristo at ang Iglesia. Ang pag-aasawa ay ginawa upang maging buong ugnayan, isang espirituwal na pagiging isa ng dalawang personalidad, nakalarawan sa ugnayan ni Cristo at ng Kanyang Babaing Ikakasal, ang Iglesia. Ganun din naman ang pisikal na pagkakaisa ay nangangailangan ng espirituwal na kalidad sa relasyon. Ang espirituwal na kalidad na iyon ay hindi makasarili, naka tuon sa iba tulad ng pagmamahal na binuhay muli, ngayon ay buhay na si Cristo. Ang tanging paraan na makukuha natin ang ganong uri ng pag-mamahal ay pagkakaroon ng buhay na relasyon kay Jesus at hayaan ang Banal na Espiritu na mamuhay sa atin. Kung tayo ay kaisa sa Diyos sa espirituwal at inanyayahan natin Siya na maghari sa ating mga buhay at punuin tayo ng Kanyang Espiritu, maaari nating mahalin ang ating asawa sa nais ng Diyos. Ang pagkakaroon ng ganitong espirituwal na pundasyon ay magbibgay karanasan sa ating buhay may-asawa ayon sa disenyo ng Diyos.

1. Tama o **Mali**? Hindi pinapayagan ng Biblia na mag-asawa muli kapag naging balo ka na.

2. Tama o **Mali**? Ayon sa Biblia hindi ka maaaring maglingkod sa Diyos ng epektibo sa ministeryo kung may asawa ka.

3. **Tama** o Mali? Pinapayagan ng Biblia ang diborsyo kapag ang hindi mananampalatayang asawa ay pinili na iwanan ang kanyang asawa.

4. **Tama** o Mali? Ang pag-aasawa ay isang seryosong desisyon na dapat gawing maingat dito at manalangin ng husto bago gawin.

5. **Tama** o Mali? Ang Gintong Aral—tratuhin ang iba gaya ng nais mong ikaw ay tratuhin nila—ay lubos na makakatulong sa anomang bahagi ng buhay may-asawa.

6. Tama o **Mali**? Kapag ang Biblia ay nagsasalita tungkol sa pagiging isa ng mag-asawa, ito ay tumutukoy lamang sa pisikal nilang relasyon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Alin sa mga sumusunod ang hadlang sa pagiging isa ng mag-asawa? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hindi makasarili
    b. Walang komunikasyon
    c. Hindi magkaunawaan
    d. Pag-ibig
    e. Malusog na relasyon sa seksuwal
    f. Hindi magkabagay na pagpapahalaga
    g. Mga anak

8. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng hindi magkabagay na pagpapahalaga? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Magtalo tungkol sa pagpapalaki ng mga anak
    b. Madalas na di-pagkakasundo tungkol sa paggamit ng pera
    c. Pagpipintas sa isat-isa sa mga naisin at layunin nila
    d. Lahat ng nasa itaas

9. Paano tayo makapagmamahal ng buo ayon sa nais ng Diyos?
    a. Sa pamamagitan ng ating sariling natural na kalakasan at abilidad
    b. Sa pamamagitan ng ating sariling opinyon lagi-lagi
    c. Sa pamamagitan laging pag-seseks
    d. Sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Kanyang Espiritu na nasa atin upang mahalin ang iba sa pamamagitan natin

10. Bakit namatay si Jesus sa krus para sa atin?
    a. Upang bigyan ng tulay ang malalim na bangin na namamagitan sa Diyos at sa atin
    b. Upang maging mabuting halimbawa bilang martir
    c. Upang ipakita sa atin paano mapapawalang sala sa pamamagitan ng mabubuting gawa
    d. Upang ipakita sa atin ang lahat ng buhay ay humahantong sa wala

11. Ano ang papel ni Jesus na ginagampanan sa ating buhay sa oras na tinanggap natin Siya sa pananampalataya?
    a. Binibigyan tayo ng mabuting payo.
    b. Sinusunod natin ang mga turo Niya na gusto natin.
    c. Siya ay nakaupo sa trono ng ating buhay.
    d. Karapat-dapat siya na maging halimbawa sa atin kung nais natin Siyang sundin.

12. Paano nating malalaman na tayo ay ligtas?
    a. Tayo ay ligtas kung nararamdadaman natin na tayo ay ligtas araw-araw.
    b. Tayo ay ligtas kung pinaniniwalaan natin ang katotohanan sa ebanghelyo, pinagtiwalaan si Jesus na ililigtas tayo, at inimbita Siya na pumasok sa ating buhay.
    c. Tayo ay ligtas lamang kung naranasan natin ang mystical noong tayo ay nanalangin kay Jesus at nabautismuhan.
    d. Malalaman natin na tayo ay ligtas kung hindi tayo nagkakasala pagkatapos inbitahin si Jesus sa ating buhay.

Palagi ka bang nagtitiwala kay Jesus na mamuhay Siya sa pamamagitan mo, nagpapakita ng pagmamahal sa iba sa Kanyang lakas? Kung totoo nga, paano ito naka-apekto sa iyong pag-aasawa at ibang relasyon? Kung hindi, anong desisyon na dapat mong gawin upang mamuhay si Jesus at mamuno sa iyong buhay?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa walang bayad na buhay na walang hanggan at sa Espiritu ni Jesus na nasa atin na naniniwala. Hingin na tulungan ka na mamuhay sa Kanyang lakas at sa pamamagitan ng buhay mo, upang ipakita ang Kanyang pag-ibig sa iba. Kung hindi mo pa tinanggap si Jesus bilang Tagapagligtas, manalangin na tanggapin ang kanyang kapatawaran at anyayahan Siya na manirahan sa iyo at umupo sa trono ng iyong puso. Pasalamatan ang Diyos sa kanyang plano sa iyong buhay at pamilya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang opinyon ni Pastor Woodward sa muling pag-aasawa sa mga balo? Saang Kasulatan ito nababase?

2. Paano natin magagamit ang "gintong aral" sa ating pag-aasawa at seks?

3. Kayo ba ng iyong asawa ay may ugaling matapat sa isat-isa, o may mga bagay na hindi na lang ninyo dapat puntahan?

4. Ang inyo bang mga pagpapahalaga, tulad ng paggamit sa pera at paglilibang, ay magkabagay?

5. Sinabi ni Pastor Woodward na ang seks ay maaring 10% masaya sa pagiging isa sa mag-asawa, o 90% sa pagtatalo. Alin sa dalawa ang nagsasabi na totoo sa iyo, at bakit?

6. Alin sa mga hadlang sa pagkakaisa (komunikasyo, pagkabagay, pag-ibig, pang-unawa, seks) na nangyayari sa inyong mag-asawa?

7. Kung mayroong lugar ng pagtatalo, ang mga ito ba ay may kaugnayan sa kawalang ng pagka espirituwal o pagiging isa kay Cristo para inyong dalawa o isa sa inyo?